


# MGA BAGAY NA DARATING

 Kay Kapatid na Boone at sa kongregasyon, tunay na isang—isang napakalaking pribilehiyo ito para sa akin na makabalik muli sa San Bernardino. Maraming napakahalagang alaala ng lumipas ang naririto sa lugar na ito. At ang marinig na, ang pagbisita rito, at may nabubuhay pa ring impluwensiya, aba, talagang pinasasaya ka na idinirekta tayo ng Panginoon sa gawing ito, ilang taon na ang nakararaan.

<sup>2</sup> Ako ay nakaupo lang doon sa labas sa may paradahan, kani-kanina lang, pinipilit tandaan ‘yung isa sa mga pangyayaring naganap. May isang Gng. Isaacson na naging interpreter ko sa Finland, sa isang malakihang gawain sa Finland, at lumapit siya sa may kotse nung papaalis na ako. At ang sabi niya, “Ang iyong tinig sa Finland.” At iniisip ko lang kung nakatira malapit dito si Gng. Isaacson. Hindi ko alam. Wala naman yata siya ngayong gabi, sa palagay ko? Si Gng. May Isaacson, at siya ay taga-Finland.

<sup>3</sup> Saka isa pang katangi-tanging bagay na bumalik sa mga alaala ko, ay ‘yung isang munting weytres sa isang restawran na kinakainan ko, malapit sa kung saan, na tinatawag nilang Antlers Hotel. Palagay ko ay tama iyon, ngayon. At ang munting binibini ay nagkaroon. . . Kasama ko siyang nananalangin noon. Nagkaroon siya ng. . . Siya, mabait na munting binibini, pero hindi siya Cristiano. Inimbitahan ko siya sa pagtitipon. At namatayan siya ng isang sanggol, at palagay ko ang asawa niya, nagkahiwalay sila. At nananalangin kami na makikipag-ayos siya sa kanyang asawa, o magkakaayusan sila, na dalawa. Kaya, iniisip ko lang kung naririto nga ang munting binibining iyon. Kita n’yo? Ang. . .

<sup>4</sup> At saka isa pang pangyayaring naganap, ay ‘yung isang munting sanggol na dinala mula sa kung saan, mga isang araw na biyahe. At namatay ito, at karga-karga ng ina. At muling nabuhay. Iyon bang. . . Nandito ba ang taong ‘yon? At ito ay nagtungo, sa palagay ko, mula sa estado na nasa gawing *ito*, paikot, sa itaas dito. At magdamag na nagbiyahe ang munting ina, at ang ama, at nakaupo roon ang munting ina, na nalulungkot, karga ‘yung kanyang maliit, na sanggol na walang-buhay. At sa loob-loob ko, “Kaylaking pananampalataya!” Kung ako man ang pinakamahusay na mapagpaimbabaw sa mundo, igagalang pa rin ng Diyos ang pananampalataya ng nanay na ‘yon.

Hawak ‘yung maliit na sanggol sa aking mga kamay, nang *pagano’n*, dumadalangin. Uminit, ito’y nagsimulang gumalaw, idinilat nito ang maliliit na mga mata. Iniabot ko uli ito sa ina.

Kaya, galing sila sa kung saan. Palagay ko hindi sila Pentecostal, ganun pa man. Sila lang ay . . . Palagay ko isang kung anumang iglesya lang iyon, na mula sa . . . Ni hindi ko alam kung sila nga ba’y mga Cristiano, o hindi. Hindi na sila tinanong pa. Sadyang masayang-masaya lang ako na ang munting sanggol ay muling nabuhay.

Mula noon, Kapatid na Boone, matagal na panahon na ang lumipas. Ngunit naglilingkod pa rin tayo sa siya ring Diyos Na nananatiling siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>5</sup> Sa paglinga-linga lang, kita si Kapatid na Leroy Kopp na nakaupo rito. Ito ang unang beses na nakita ko siya sa loob ng mahabang panahon. [Sinabi ng isang kapatirang lalaki, “Siya si Paul Kopp na nandito.”—Pat.] Si Paul. Tama nga. Si Leroy ang tatay mo. Tama nga. [“At siya—siya ay nasa Russia, ngayong gabi, kaya ipanalangin n’yo siya.”] Oh, naku! Russia. Buweno, iyon ay, alam ko, itong matapang na sundalo roon, ang sadya niya roon ay para sa Hari. [“Tama po.”] Kaya, talagang masaya ako na makaparito at marinig itong batang ministro na ang sabi’y nagka-inspirasyon siya sa naging ministryo namin noong nandito kami. Kasiya-siyang lubos iyan!

At umaasa ako ngayon, na, yamang alam nating meron tayong . . . Nakatayo ang mga tao, at hindi tayo magpapakatagal nang husto. Naaalaala natin ang mga dakilang gawaing pagpapagaling na iyon.

<sup>6</sup> Saka, ang intindi ko ay may isang—isang—isang kapatirang lalaki rito sa kalapit na lugar, sa kung saan, na nagsasagawa ng isang malawakang gawaing pagpapagaling, isang Kapatid na Leroy Jenkins. Palagay ko’y tama ‘yan. At kaya labis akong nagpapasalamat, umaasang pinagpapala siya ng Panginoon at binibigyan siya ng isang dakilang, dakilang gawain. Iyon . . .

Naku, tunay na ikinararangal ko, sa gabing ito, ang makapunta sa ganitong simbahan. Laging mas mabuti ang pakiramdam ko pagka nasa isang simbahan kaysa sa kapag nasa mga ganung awditoryum ako. Wala namang kung anong minamasama sa awditoryum. Pero, alam n’yo, ako . . . Maaaring isang pamahiin lang ‘yon, o ako lang . . . Sa pakiwari ko ba’y parang isang katotohanan naman. Kita n’yo? Sila . . . Papasok ka sa mga ganung awditoryum kung saan may mga labanan, mga bunuan, malalawang palabas, kung anu-ano pang sige-sigeng nangyayari, ang masasamang espiritu ay para bang nananatili lang sa mga lugar na iyon. Ngayon, parang isang pamahiin nga iyan, pero hindi iyon ganun. Ngunit kapag pumapasok ka sa isang simbahan, ikaw . . . karaniwan naman, isang talagang espirituwal na kongregasyon, para bang, iyon ay, iyong—iyong nararamdaman na mas malaya ka, na para bang merong—merong isang bagay. Naroroon ang Presensiya ng Diyos. Alam n’yo, para bang kakaiba ‘yon. Hindi ko alam kung anong epekto

mayroon ang gusali, pero iyon ay kung saan ang mga tao ay nagkakatipun-tipon. Siyempre, ganun pa rin, ang mga tao'y nasa ibang dako, pero nandoon naman sa mga masasamang lugar. Siguro ako lang ang nag-iisip ng gano'n. Pero, ano't ano man, nagagalak akong makaparito ngayong gabi.

<sup>7</sup> At ngayon ayaw naming papaghintayin kayo nang matagal, dahil sa tayuan ang mga tagapakinig. At lilipat tayo, bukas ng gabi, sa kung saang ibang lugar dito. Ni hindi ko alam kung saan 'yon banda. Malapit 'yon dito. [Sinasabi ng isang kapatirang lalaki, "Sa Orange Show Auditorium."—Pat.] Saan? ["Orange Show Auditorium."] Sa Orange Show Auditorium, para sa mga gawain bukas ng gabi. Ako. . . Ito ay sa pagitan ng, ako ay nangungusap sa isang paglalakbay para sa—sa grupong Full Gospel Business Men ng mga negosyante. Na, nagkaroon ako ng malaking pagkakataong makapagsalita habang naglilibot sa mundo, para sa kanila. At kaya doon, isang napakabuting kaibigan ang nagkumbida sa amin na pumarito, at kami'y nagagalak na makasama sa pagtitipon ngayong gabi.

<sup>8</sup> Ngayon, bago natin buksan ang Biblia. . . Ngayon, sinumang may pisikal na lakas ay kaya Itong buksan nang *paganito*. Kita n'yo? Ngunit kailangan ang Espiritu Santo upang mabuksan ang Salita sa atin, mabuksan ang ating pang-unawa at ihayag ang Mga Kasulatan. Naniniwala ako sa Biblia. Naniniwala ako na Ito'y Salita ng Diyos. Naniniwala akong ang lupa, o ang mga tao sa lupa, ay hahatulan balang araw sa pamamagitan ng Salitang ito. Ngayon, maaaring magmistulang kakaiba 'yan. Ngayon, marami ang may ibang opinyon tungkol sa ideyang iyan.

<sup>9</sup> Kakuwentuhan ko nga 'yung isang napakatapat kong kaibigan, hindi pa katagalan, na isang Katoliko. At ang sabi niya, "Hahatulan ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng iglesya Katolika." Kung ganun nga, aling iglesya Katolika? Kita n'yo? Kaya, kung hahatulan Niya iyon sa pamamagitan ng mga Metodista, kung gano'n papaano naman 'yung mga Baptist? Kita n'yo? Kung hahatulan Niya iyon sa pamamagitan ng isa, 'yung isa naman ang napahamak. Kung kaya, puro kalituhan diyen.

Ngunit kailangan nating tumungo Doon, upang makita ang ating—ang ating totoong pahayag, at sinasabi ng Biblia na hahatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ni Jesus Cristo. At Siya ang Salita. San Juan 1, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin." At ang sabi ng Hebreo 13:8, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." At pinaniniwalaan ko 'yan bilang siyang Katotohanan. Ngayon, naniniwala ako na noong. . .

<sup>10</sup> Ang Diyos, noong pasimula, sa pagiging walang hanggang Diyos; Siya ay may hangganan at. . . o walang hanggan, nga pala. Tayo ang may hangganan. Ang Kanyang kaisipan ay

higit na napakalawak, at tayo, sa ating munting kaisipan na may hangganan, ay hindi kayang maunawaan ang Kanyang napakalawak, na walang hanggang karunungan. Ngunit samakatwid, kapag may sinasabi Siyang anumang, iyon ay maaaring tila ba kakaibang-kakaiba para sa atin, ang marinig Siyang sabihin ang isang ganoong bagay sa Kasulatan, ngunit kailangang maganap iyon. Naniniwala akong hindi kailanman lilipas ang Kanyang Mga Salita. Kung kaya, naniniwala ako na ang Diyos, nalalamang sa ating munting kaisipang may hangganan ay hindi kayang ipaliwanag ang Kanyang—ang Kanyang napakalawak na kaisipan, ay ipinapaliwanag Niya ang Kanyang Sariling Salita. Hindi Niya kailangan ng maski anong tagapagpaliwanag. Ipinapaliwanag Niya ang Kanyang Sariling Salita, sa pamamagitan ng pagpapatunay sa Salitang iyon sa panahon Nito.

<sup>11</sup> Naniniwala ako na, ang Diyos, noong pasimula, na si Noe ang Salita nang panahong iyon, para sa Kanyang Mensahe.

Ngayon, dumating naman, pagkatapos niyan, dumating si Moises. Ngayon, hindi maaaring dalhin ni Moises ang Salita ni Noe. Hindi siya maaring bumuo ng isang barko at palutangin silang papalabas ng Ehipto, doon sa Ilog Nile, o kaya'y patungo sa lupang pangako, o sa iba pa. Hindi umubra ang Mensahe niya sa panahon ni Noe; iyon ang bahagi ng Salita ng Diyos na pinatunayan bilang siyang Katotohanan sa pamamagitan ni Moises.

Ni hindi rin maaaring dala ni Jesus ang Salita ni Moises. At hindi maaari na pinanatili naman ng Luther ang salita ng iglesya Katolika. Si Wesley, hindi niya maaaring panatilihin ang Salita ni Luther. At ang mga Pentecostal, hindi nila maaaring dalhin ang Salita ng Metodista. Sila . . . Kita n'yo?

Ang Iglesya ay lumalago. Ang bawat panahon, nakatakda iyon dito sa Kasulatan. Kaya, ang Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay inihahayag ang Kanyang Salita, sa pamamagitan ng pagpapatotoo Rito at pagpapatunay Rito, Siya Mismo, ipinapakitang Ito ang Salita Niya na pinapangyari sa araw na ipinangako Ito.

<sup>12</sup> Sinabi 'yan ni Jesus. Ang sabi Niya, “Kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawang ginagawa Ko,” pagkat ang mga iyon ang nagpapatotoo kung Sino Siya, kita n'yo, kung may nakabatid man ng Kasulatan.

Ngayon, dumating Siya nang lubhang kakatwa, lubhang kakaiba, kung kaya ang mga tao'y ayaw Siyang sampalatayanan, dahil sa, “Siya, bagaman isang Tao, ay nagpapakunwari Siya na Diyos.”

Kaya, Siya ay Diyos, sa anyo. “Ang Diyos ay na kay Cristo, na pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili.”

“At walang makagagawa ng mga tandang ito maliban na kung sumasa kanya ang Diyos,” gaya ng alam natin na sinabi iyan ni Nicodemo. Na, ang Sanhedrin ay naniniwala riyan.

<sup>13</sup> Ngayon, alam natin na, ang Salitang iyon. Kung nalaman lang sana nila ang Salita! Ang sabi Niya, “Kung nakilala nga ninyo si Moises, nakilala n’yo rin sana Ako, sapagkat si Moises ay sumulat tungkol sa Akin.” At nakikita natin. Kung binalikan nila ang Kasulatan, inalam kung ano ang nakatakdang gawin ng Mesiyas, kung gano’n ay nakilala na sana nila Siya sa pamamagitan ng pagpapatunay, na, “Ang Diyos, sa pamamagitan ni Cristo, ay pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili,” at pinapangyari ang lahat ng mga pangako na patungkol sa Mesiyas, na Kanyang gagawin. Pinatotohanan ni Jesus ang Salitang iyon, binubuhay ang Salitang iyon para sa panahong iyon.

<sup>14</sup> At naniniwala akong iyan ay ang gayon pa ring bagay na kinabubuhayan natin ngayon: Ang Diyos pinapatotohanan ang Kanyang Salita, sa pamamagitan ng pagpapatunay sa sinabi Niyang gagawin nga Niya. Ngayon, alam natin na ito ang araw ng kaligtasan, kung saan tinatawag ng Diyos ang mga tao mula sa sanlibutan, mula sa isang buhay na makasalanan, tungo sa isang buhay na may paglilingkod. At sa araw na ibinuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu mula sa Kaitaasan, mga dakilang tanda at mga kababalaghan ay lalakip sa ministeryo ng kapanahunang ito. Ito ay ang . . . kapag bumubuhos na ang maaga at huling ulan, nang magkasabay. At alam natin na dapat mayroong mga dakilang tanda at mga kababalaghan. Na, sa maraming malalaking denominasyon, ay tinanggihan Ito.

Ngunit labis akong nagpapasalamat sa mga nakabukas na pintuang ito na natanggap ko, para mapasukan, at sa inspirasyong naibigay nito sa mga kabataang lalaking tulad ng inyong pastor dito. Na nakapagdulot sa kanila . . . Dahil sa ako’y tumatanda na, at nalalamang bilang na ang mga araw ko, at batid na ngayon na magagawa na nitong mga kabataang lalaki na dalhin ang Mensaheng ito at palaganapin Ito hanggang sa Pagparito ng Panginoon, kung hindi man Siya darating sa aking henerasyon. Na, umaasa akong makikita ko Siya. Araw-araw ko Siyang hinihintay, inaabangan, patuloy na inihahanda ang aking sarili para sa oras na iyon.

<sup>15</sup> Ngayon tayo ay makipag-usap sa May-akda bago natin basahin ang Kanyang Aklat, habang nakayuko ang ating mga ulo.

Amang Nasa Langit, kami ay nagpapasalamat sa Iyo, na kami ay buhay pa sa gabing ito, para makabalik pa sa dakilang siyudad na ito. Naririto sa malawak na tanawing ito ng mga kabundukan, nakatingala at natatanaw ang niyebe, at ang mga bulaklak ng kahel na namumukadkad na, nang sabay-sabay,

ano't kamangha-mangha po ang mundong Iyong ipinagkaloob na panirahan namin! At kung paanong nakikita nga namin na ang tao'y nanggambala at—at kumilos sa mundong ito, ipinararamdam nito sa amin na ikinakahiya po namin ang aming sarili, Ama.

Naririto kami, sa gabing ito, upang sikaping iambag ang aming mga pagsisikap, upang sikaping ipakita sa mga tao ang dakilang bagay na ito na ginawa ng Diyos, at malaman na may higit pang dakilang bagay na nasa ibayo lamang. Nawa'y tumingin kami riyan, sa gabing ito, Ama, sa aming pagdako sa Iyong Salita at pagbasa. Maaari po naming basahin Ito, Ama, ngunit Iyong hayaan ang Espiritu Santo na ihayag Ito sa amin sa pamamagitan ng kapahayagan. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>16</sup> Ngayon, kayo na marahil ay gustong magtala, at—at basahin ang Kasulatan kasabay ng mangangaral, dahil—dahil karaniwan ay binabasa nila Ito. At ganun nga iyon dati, noong ako... dati-rati, hindi ko na kailangan pang isulat 'yung aking Mga Kasulatan, at iba pa. Pero medyo tumanda na ako mula noon. Kita n'yo? Kalalampas ko pa lang ng beinte-singko, kailan lang, dalawampu't limang taon na ang nakararaan. Kaya, iyon ay medyo hindi napapabuti nito. Ngunit sinisikap ko pa ring kumapit sa lahat ng nalalaman kong gawin sa Kanyang Salita, hanggang sa tawagin Niya ako.

<sup>17</sup> Ngayon, dumako tayo sa San Juan ika-14 na kabanata, napakapamilyar na Kasulatang nais nating basahin sa gabing ito, upang makakuha Rito ng isang kaugnay na nilalaman, kung loloobin ng Panginoon. Alam na ito ng halos lahat. Tila ba na, maraming beses, ginagamit ito sa mga gawaing ukol sa libing. Kung nagkaroon man ng pagkakataon na gugustuhin kong mangaral ng isang pang-gawaing paglilibing, iyon ay sa sanlibutang ito. Hayaang mamatay ito at ipanganak na muli. San Juan 14:1 hanggang 7, palagay ko, nalagyan ko na ng tanda rito.

*Huwag magulumihanan ang inyong mga puso: kung sumampalataya kayo sa Dios, magsisampalataya naman kayo sa akin.*

*Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan: . . . kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo. Ako'y paroroon at ipaghahanda ko kayo ng dakong kalalagyan.*

*. . .kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon.*

*. . .kung saan ako paroroon ay nalalaman n'yo, at nalalaman n'yo ang daan.*

*Sinabi sa kaniya ni Tomas, Panginoon, nalalaman namin . . . kung saan ka paroroon; paano ngang malalaman namin ang daan?*

*Ang sabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.*

*Kung ako'y nangakilala n'yo, ay mangakikilala n'yo ang aking Ama: at buhat ngayon siya'y inyong mangakikilala, at siya'y inyong nakita.*

Nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagkabasa sa Kanyang Salita. At muli nating tutukuyin Ito, sa mga panahon habang nagpapatuloy tayo, samantalang nais muna nating mangusap ng kaunting aralin sa Iglesya.

<sup>18</sup> Kagabi, ako'y nasa Yuma; Arizona, kung saan nandun ngayon ang tahanan ko. Ako—ako . . . Noong nandito ako bago ako tumira sa Jeffersonville, Indiana. Ngayon galing na ako sa Arizona, sa pamamagitan ng isang pangitain na nagpapapunta sa akin doon, ilang taon na ang nakararaan. At kami'y residente na doon ngayon. Wala akong anumang iglesya roon.

Si Kapatid na Green, ang ating kapatid dito na kasama natin, ay nakapagtayo ng isang tabernakulo kung saan ang . . . isa sa mga Assemblies of God, isang simbahan, mga kongregasyon sa may kabayanan. Nagsilitawan ang mga ito, at palagay ko'y nagsipasok silang lahat kasama ni Kapatid na Brock pati ni Kapatid na Gilmore, iniwang nakabukas itong simbahan. At si Kapatid na Pearry Green, na taga—taga-Texas, ay lumipat at kinuha 'yung lugar, na kaisa sa atin. Nagagalak tayong malaman na—na muling binuksan ni Kapatid na Green itong simbahan na dating nakasara.

<sup>19</sup> At kagabi, sa pagsasalita doon sa Yuma para sa Christian Business Men, nangusap ako tungkol sa paksang *Ang Pag-agaw*. Ngayon, maaaring isang kakaibang paksa iyan para talakayin sa gitna ng, sa isang—isang salu-salo, pero halos lahat naman ng nandoon ay mga Cristiano. At ganun talaga 'yon sa mga ganitong malakihang gawaing tulad nito, o sa—sa isang iglesya. Masasabi ko ngayon, “Ilan sa inyo ang mga Cristiano?” Malamang ay tataas ang lahat ng kamay. Isa kang Cristiano. At kaya nga, kung tayo'y mga Cristiano, palagay ko'y dapat lang na pakisabihan na tayo bago pa man. Hindi na natin kailangang basta na lang hulaan iyon. Naipagbigay-alam na sa atin kung ano ang patutunguhan natin.

<sup>20</sup> At nais kong mangusap tungkol diyang sa gabing ito. At ang magiging paksa ay: *Mga Bagay Na Darating*. At ngayon, nangusap na kagabi tungkol sa *Ang Pag-agaw*, kaya ngayong gabi, nais kong mangusap tungkol sa paksang ito, nang sa gayon ay maikabit ko ito sa Mensahe kagabi. Ngayon, magkakaroon ng

Pag-agaw, alam natin ‘yan. Iyan ay sa hinaharap, mangyayari pa lamang.

<sup>21</sup> Ngayon, si Jesus dito ay nagsasalita, tungkol sa, Siya’y nauna nang pumaroon para maipaghanda tayo ng kalalagyan. “Huwag magulumihanang ang inyong mga puso.” Ngayon, mga Judio ang kausap Niya. Ang sabi, “Ngayon, kung sumampalataya kayo sa Diyos, magsisampalataya naman kayo sa Akin. Yayamang kayo’y sumampalataya sa Diyos, magsisampalataya kayo sa Akin, sapagkat Ako ang Anak ng Diyos.” Kita n’yo? “At, ang Diyos,” sa ibang salita, “Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Ang Aking Ama ay nananahan sa Akin. At ang nakikita ninyong ginagawa, na ginagawa Ko, hindi Ako iyon. Iyon ang Aking Ama na nananahan sa Akin. Siya ang gumagawa ng mga gawa.”

“Ang Diyos kay Cristo, ay pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin.”

<sup>22</sup> Madali lamang para sa mga Judiong iyon na naturuan, sa loob ng maraming henerasyon, na maniwalang may isang dakilang Diyos na supernatural. Ngunit ang isipin na ang Diyos na iyan ay bumaba at inihahayag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng katauhan ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo, ang Diyos na nanahan sa isang katawang laman, iyan ay medyo kalabisan na sa kanila para—para maintindihan.

Ngunit sinabi Niya, “Ngayon, yamang kayo’y sumampalataya sa Diyos, magsisampalataya naman kayo sa Akin. Sapagkat sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan, at Ako’y paroroon upang ipaghanda kayo ng dakong kalalagyan.” Ang buhay ni Jesus ay papatapos na noon, dito sa mundo.

Naipakita na Niya sa mga tao, at pinatotohanan na sa kanila, na Siya ang Jehovah na nahayag sa laman, sa pamamagitan ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan, at ng pagkakabanggit ng Biblia na tinukoy Niya, patungkol sa Kanyang Sarili. At pinatunayan Niyang Siya ang Diyos, na nahayag.

Ngayon ang sabi Niya, “Kapag nakikita na ninyong papatapos na ang Aking buhay, matatapos ito para sa isang layunin. At Ako’y paroroon, upang maipaghanda kayo ng isang dakong kalalagyan; upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumoon.” Sinasabi kung ganoon ni Jesus sa mga alagad Niya na ang buhay na ito ay hindi natatapos sa kamatayan.

<sup>23</sup> Ngayon, sa pagsasabing ito ay isang paksang ukol sa libing. Tandaan, tayo, nakahanda sa harapan natin mismo ang kamatayan, at hindi natin alam kung may ilan na nasa loob nitong gusali ngayong gabi na hindi na makalalabas pa rito nang buhay, dito sa pisikal na buhay. Ganyan ito kawalang-katiyakan. Limang minuto mula ngayon, maaaring ang bata pa’t, malulusog, na mga kabataan sa loob nitong gusali ay maging isang bangkay na sa loob ng limang minuto mula ngayon.



Totoo ‘yan. At muli, maaaring, sa loob ng limang minuto mula ngayon, tayo’y mapapasa-Kaluwalhatian na ang bawat isa sa atin. Sadyang hindi natin alam. Iyon ay nasa mga kamay na ng Diyos. Sinabi ni Jesus na hindi Niya alam, Siya Mismo, kung kailan darating ang oras na ‘yon, kundi, “Iyon ay sadyang nasa mga kamay na ng Ama.”

<sup>24</sup> Ngayon, pero, sinasabi Niya noon sa kanila, na, pagkatapos ng kamatayan ay may buhay. Sapagkat, “Paroroon Ako at maghahanda ng isang kalalagyan,” na iyon ay, para tanggapin sila, ipinapakita na may, kausap Niya sila, na may isang—isang buhay pagkatapos nitong buhay na ito. At anong kaaliwan ang dapat lang na ihatid niyan sa ating lahat, ang malaman na, pagkatapos ng buhay dito, ay may isang buhay, na ating patutunguhan. At habang tumatanda ka, mas nagiging realidad iyan sa iyo. Kapag nasisisimulan mo nang makita na papatiklop na ang mga araw ng iyong buhay, kung gano’n ay nagsisimula itong maging, nagsisimula kang maghanda nang mas maaga, naghahanda para sa dakilang kaganapang iyon. Iyon ngayon ay . . . Iyon ay isang pagpapatuloy ng ganito pa ring buhay sa ibang daigdig, ibang dako.

<sup>25</sup> Ang kapanganakan n’yo rito ay naiplano na bago pa ang simula. Sa tingin ko’y naniniwala kayo diyan. Alam ng bawat isa sa inyo na naiplano na ang kapanganakan natin bago pa ang simula. Alam n’yo bang ang pagkakadating n’yo rito ay hindi kailanman nag-umpisa sa isang kathang-isip lamang o kaya’y isang akala? Ang lahat ay naiplano na ng Diyos bago pa ang simula, bago pa natatag ang sanlibutan, na kayo ay mapaparito. Alam na ng walang hanggang Diyos. At para maging—para maging walang hanggan, kailangang alam Niya ang bawat pulgas na kailanma’y susulpot sa lupa, at kung ilang beses ito kukurap. Iyan ang walang hanggan. Kita n’yo? Kayo, ang ating munting—ang ating munting mga kaisipan, ay hindi makakayang arukin kung ano ang ibig sabihin ng *walang hanggan*. Ang walang hanggang Diyos, alam na Niya ang lahat ng bagay. Samakatwid, walang anumang bagay na wala sa ayos.

<sup>26</sup> Kung alam natin ang Salita ng Diyos, alam natin kung saan tayo nabubuhay. Alam natin ang panahon na kinabubuhayan natin. Alam natin kung ano ang darating. Nakikita natin ang nadaanan na natin. At ang Aklat ng Diyos ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo; ang Kanyang mga gawa sa loob ng mga kapanahunan, na hanggang doon sa Aklat ng Apocalipsis, at pagkatapos ay ang mga pangako Niyang magaganap. Kaya, ang lahat ng mga pangako Niya ay tapat. Hindi makapagpapahayag ang Diyos ng anumang Salita nang hindi Ito pinagtitibay. Kailangang mangyari ang bawat Salitang sinasabi Niya. Bago pa natatag ang sanlibutan . . .

27 Ang ilang tao ay mali ang pakahulugan sa Genesis, doon, nang sabihin niyang, “Inuulit ng Diyos ang Kanyang Sarili.” Hindi. Lamang, iba ang pakahulugan mo. Kita n’yo?

Ang Diyos, noong pasimula, sinabi Niya, “Magkaroon ng. Magkaroon ng. Magkaroon ng.” Ang daigdig ay sadyang madilim noon, nasa labis na kawalang-ayos. Maging noong sabihin Niya, “Magkaroon ng liwanag,” maaaring daan-daang taon pa muna ang lumipas bago lumitaw ang liwanag. Ngunit nang sabihin Niya iyon, kinakailangang mangyari iyon. Kailangang maging gano’n. Kita n’yo? At binigkas Niya ang Kanyang Salita. Ang mga binhing iyon ay nasa ilalim ng tubig. Nang patuyuin Niya ang daigdig, ay saka nagsibulan ang mga binhi. Kailangang matupad ang sinasabi Niya.

28 Sinabi Niya, sa pamamagitan ng mga propeta. Tinukoy ko iyon kagabi. Kagaya ni, kunin natin si Isaias, sinabi niya, “Isang birhen ang maglilili.” Sino naman ang mag-aakala, na ang isang taong pinagpipitaganan ng mga tao, ay magsasabi ng ganung klase ng salita na tulad niyan, “Isang birhen ang maglilili?” Ngunit dahil siya . . .

Ang isang propeta ay isang tagapag-aninag ng Diyos. Ginawa siyang gano’n para hindi niya sabihin ang sarili niyang mga salita. Kailangang Mga Salita ng Diyos ang ipinangungusap niya. Para lang siyang isang tagapag-aninag, at siya ay tagapangusap ng Diyos.

At kaya, samakatwid, sinabi niyang, “Isang birhen ang maglilili.” Maaaring hindi niya maintindihan ‘yon, pero iyon ay sinabi ng Diyos sa pamamagitan niya. Sapagkat, ipinangako Niya na, “Wala Siyang gagawin malibang Kanyang ihayag Iyon sa Kanyang mga lingkod na mga propeta.” Pagkatapos, nung sabihin niya iyon, walong daang taon pa muna ang lumipas bago iyon nagkatotoo. Pero kailangang magkatotoo nga iyon.

Sa wakas, ang mga Salitang iyon ng Diyos ay umangkla sa sinapupunan ng isang birhen, at ito’y naglihi at isinilang ang Emmanuel. “Sa atin ay ipinanganak ang isang—isang Bata, sa atin ay ibinigay ang isang Anak na Lalake. Ang Kanyang Pangalan ay tatawaging, ‘Ang Tagapayo,’ ‘Ang makapangyarihang Diyos,’ ‘Ang Pangulo ng Kapayapaan,’ ‘Ang walang hanggang Ama.’” Dapat na maging ganoon nga, dahil sinabi ‘yon ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng Kanyang mga propeta. At kinakailangang matupad ang lahat ng mga Salita ng Diyos.

Samakatwid, alam natin na pumaroon si Jesus para maghanda ng isang lugar, upang tumanggap ng isang tinipon na mga hinirang para sa Kanyang Sarili. Kung sinu-sino man ang mga taong iyon, umaasa akong iyon ay kasama tayo sa mga taong iyon sa gabing ito. Kung hindi ganun, kaibigan ko, gumawa ng isang daan ang Diyos, isang kundisyon, nang sa gayon ay

makasama ka doon kung nais mo. Ikaw ay nasa malayang kalagayan ng pagpapasya. Makakakilos ka sa anumang paraan na gustuhin mo. Pero ngayon pansinin, ngayon, sa daigdig na ito na darating. May darating na isang daigdig.

<sup>29</sup> Katulad ng kapanganakan n'yo rito, sabi ko, kayo ay pinaghandaan. Alam na ng Diyos na mapupunta kayo rito.

At ngayon alam n'yo, maging 'yung mga bagay na nagawa ng inyong mga magulang, ngayon, akala ng mga tao'y hindi iyon pagdalaw sa bawat henerasyon, pero iyon 'yun.

<sup>30</sup> Doon sa Aklat ng mga Hebreo, sa tingin ko, mga nasa ika-7 kabanata, nagsasalita, si Pablo doon, ang mga manunulat, sa tingin ko'y iyon na nga, ay nagsasalita tungkol sa isang—isang dakilang kaganapang nangyari kay Abraham, na siya'y nagbigay ng ikapu kay Melquisedec, noong papabalik na siya galing sa paglipol sa hari. At ngayon sinabi niya, na, "Si Levi ay nasa mga balakang pa ni Abraham, nang salubungin niya si Melquisedec, sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari." At pagkatapos ay ibinilang niya iyon kay "Levi na nagbibigay ng ikapu, rin naman, noong ito'y nasa mga balakang pa ni Abraham," na kalolo-lolohan nito.

At dinadalaw Niya ang mga kasalanan ng mga tao sa kanilang—kanilang mga anak, sa bawat henerasyon, na ayaw sumunod sa Kanyang Salita. Kita n'yo?

<sup>31</sup> Naip plano na kayong lahat ng Diyos bago pa ang simula. Walang nangyayari na nagkataon lamang, sa Diyos. Alam Niya ang lahat ng tungkol doon. Lahat ay nakaplano na bago pa ang simula, nakaplano na sa loob ng maraming henerasyon magmula pa noon, nang sa gayon ay makaparito kayo ngayong gabi. Alam n'yo ba 'yon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Isipin n'yo lang, na, kayo, sa isang panahon noon . . . Uulitin kong muli ito. Kayo, sa isang panahon noon, ay nasa loob ng inyong ama, nasa gene ng inyong ama. Ngayon, hindi niya kayo kilala nung panahong iyon, ni hindi n'yo rin siya kilala nung panahong iyon. Pero, kita n'yo, pagkatapos ay inilagay kayo sa punlaang lupa, sa sinapupunan ng ina, sa pamamagitan ng sagradong kasal. At pagkatapos ay naging tao kayo na nagkaroon ng anyo na kamukha ng inyong ama, sumunod ay may pagsasamahan na.

<sup>32</sup> Ngayon, ang tanging paraan na maaari kayong maging isang anak na lalaki, isang anak na babae ng Diyos, dahil kailangan n'yong maging siyang . . . kailangang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan. At may iisang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan, at iyon ay ang Buhay ng Diyos. Kaisa-isang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, iyan ay ang Diyos. Doon, para maging isang anak ng Diyos, kailangan n'yong maging palaging nasa Kanya. Ang gene ng inyong Buhay, espirituwal na Buhay, sa gabing ito, ay naroon na sa Diyos, Ama, bago pa man

nagkaroon ng isang molekula. Kita n'yo? At kayo'y walang iba kundi ang paghahayag sa gene ng Buhay na nasa Diyos, bilang isang anak ng Diyos.

Ngayon kayo'y nahayag, makaraang dumating sa inyo ang Kanyang Salita, para Tanglawan ang kapanahunang ito. Inihahayag ninyo ang Buhay ng Diyos na nasa inyo, dahil kayo'y isang anak na lalaki o isang anak na babae ng Diyos. Samakatwid, naiintindihan n'yo ba ang ibig kong sabihin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Kayo ay nasa... Kayo ay gawa na ngayon, kayo ay nangakaupo na sa iglesyang ito, sa gabing ito, dahil ang tungkulin n'yo ay ang ihayag ang Diyos sa bansang ito at sa mga taong ito, at sa kalapit-lugar na ito kung saan kayo nakikihalubilo.

Saan man kayo naroroon, alam na ng Diyos na mapaparito kayo, dahil kayo ay kailangang maging isa sa mga genes Niya, o mga katangian Niya. Kailangang maging ganun kayo. Kung kayo man, kung meron kayong Buhay na Walang Hanggan, kung gano'n Iyon ay lagi nang Buhay na Walang Hanggan noon pa man. At ang Diyos, bago pa man nagkaroon ng pagtatatag, sanlibutan, ay alam nang mapaparito kayo. At nang ang Salita, o ang tubig, "ang paghuhugas ng tubig ng Salita" ay nabuhos sa inyo—kayo, iyon ay nahayag sa isang nilalang. Ngayon ay may pakikisama na kayo sa inyong Ama, ang Diyos, katulad nung sa inyong ama sa lupa. Kita n'yo? Kayo ay mga mamamayan ng Hari; hindi nga mga mamamayan, kundi kayo'y mga anak, mga anak na lalaki at mga anak na babae ng buhay na Diyos, kung ganun nga na nananahan sa inyo ang Buhay na Walang Hanggan.

Ngayon, samakatwid, kung ganun nga Iyon, si Jesus ang buong kapuspusan ng Diyos na nahayag. Siya ang buong kapuspusan ng Pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman. Kaya nga, nang dumating Siya sa lupa at nahayag sa laman, naririto na kayo sa Kanya noon, dahil Siya ang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita; ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin." Nagkatawang-tao ang Salita. Samakatwid, lumakad kayong kasama Niya, noong kayo'y nasa Kanya, noong naririto Siya sa lupa. Nagdusa kayong kasama Niya, at namatay kayong kasama Niya. Inilibing kayong kasama Niya. At ngayon kayo ay muling nabuhay na kasama Niya, at mga nahayag na katangian ng Diyos, na nakaupo sa Sangkalangitan; binuhay na na mag-uli, binuhay na mag-uli tungo sa bagong Buhay, at nakaupo sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus. Oh, napakahalaga niyan, sa panahon ngayon, Iglesya! Napakahalaga niyan sa atin, ang makita ang ating sarili na nasa tamang kinalalagyan kay Jesus Cristo!

<sup>33</sup> Ngayon, kung tayo nga ang mga katangiang iyon ng Diyos, hindi tayo mabubuhay sa pamamagitan ng mga kredo.

Hindi tayo mabubuhay sa pamamagitan ng pagdedenominasyon. Dapat tayong mabuhay sa pamamagitan ng Salita, sapagkat ang Nobya ay bahagi ng Nobyo, gaya ng ang sinumang asawang babae ay bahagi ng kanyang asawang lalaki. Samakatwid, dapat tayong maging ang Nobyang Salita na iyon. At ano ang Nobyang Salita na iyon? Ang paghahayag sa panahong ito, ang Nobya, hindi isang kredo o isang denominasyon; kundi isang buhay na aral ng Diyos, isang buhay na katangian ng Diyos, na ipinapakita sa mundo ang mga katangian ng Diyos, sa pagbubuo ng Nobyang ihahayag sa panahong ito na kinabubuhayan natin.

<sup>34</sup> Hindi maipapakita ni Martin Luther ang mga katangiang ipinapakita natin, dahil iyon ay noong pasimula, ang pagkabuhay na mag-uli, katulad ng butil ng trigo na nabaon sa lupa.

<sup>35</sup> Ngayon, banggitin uli natin ito. Nabasa n'yo na siguro 'yung libro, 'yung German na iyon na pinagtatawanan ako, at sinabing pinakapanatiko raw ako sa lahat ng mga panatiko. Siya ay—siya ay talagang laban sa lahat ng bagay na patungkol sa Diyos, at pinagtawanan pa nga ang Diyos. Ang sabi, “Isang Diyos na kayang buksan ang Pulang Dagat at,” sabi, “ilabas ang Kanyang bayan; at nakaupo na nakapatong ang mga kamay Niya sa Kanyang tiyan, at hinayaan (sa loob ng madilim na kapanahunan) ang lahat ng mga taong iyon na mamatay at magdusa, hinayaang lapain ng mga leon ang maliliit na mga batang iyon.”

<sup>36</sup> Kita n'yo, ang buong—buong programa, ang buong Iglesia, ay itinayo sa ibabaw ng Makalangit na kapahayagan. Sinabi ni Jesus, sa San Mateo, ika-16 na kabanata, “Hindi ipinahayag ito sa iyo ng laman at ng dugo, kundi ipinahayag ito sa iyo ng aking Ama na nasa Langit.” Ano iyon? Isang kapahayagan kung Sino Siya. “At sa ibabaw ng Batong ito, ay itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban Dito.” Kita n'yo?

Ang kapahayagan ni Jesus Cristo sa panahong ito; hindi kung ano Siya sa ibang panahon! Kung ano Siya ngayon, ang inihahayag ng Biblia. Ito'y lumalago na sa Nobya, tungo sa ganap na kapuspusan. Samakatwid, kung ang butil ng trigo, ni Cristo, ay kinailangang mahulog sa lupa, kinailangan din naman ng Nobya na mahulog sa lupa, sa madilim na kapanahunan. Anumang butil na nahuhulog sa lupa ay kailangang mamatay, kung hindi ay di nito magagawang pasibulin ang sarili, paramihin ang sarili. At ang dakilang Iglesia na Kanyang itinatag noong Araw ng Pentecostes, sa pamamagitan ng pagsusugo sa Banal na Espiritu, ay kinailangang danasin ang matinding pasakit at mabaon sa putik, sa ilalim ng lupa sa madilim na kapanahunan, upang sumibol muli sa kapanahunan ni Luther, at tuluy-tuloy na lumago hanggang sa ganap na

kapuspusan ng Nobya ni Jesus Cristo para sa huling panahong ito. Kita n'yo? Walang paraan. . .

<sup>37</sup> Samakatwid, ang Nobya, sa Pag-agaw, ay lilitaw. At naiplano nang lahat doon ng Diyos bago pa ang simula, naitaguyod nang lahat. Mula pa noong una, kilala na Niya ang bawat tao, ang bawat lugar, kung sinu-sino ang uupo, lahat ng tungkol doon. Planado na ang lahat bago pa ang simula. Alam na ng Diyos na magiging dito iyon. At—at nang. . . Kanyang ginawang ganun iyon, nang sa gayon pagdating natin doon. . . Siya ay pumaroon na upang maipaghanda tayo ng dakong kalalagyan. At pagdating natin doon, lahat ay nakahandang tulad ng pagkakahanda rin sa gabing ito, tulad ng pagkakahanda sa sandaling ito. Oo. Sinasabi sa Kanya ng Kanyang dakilang paunang kaalaman ang lahat ng mga bagay na ito, sa pamamagitan ng paunang kaalaman.

<sup>38</sup> Siya ay sumasalihat-ng-dako dahil batid Niya ang kalahat-lahatan; batid ang kalahat-lahatan dahil Siya'y sumasalihat-ng-dako. Samakatwid, sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman. . . Ngayon, hindi naman Siya maaaring maging katulad lang ng hangin sa ibabaw ng lupa, dahil isa Siyang Persona. Hindi Siya isang kathang-isip lang. Isa Siyang Persona. Nananahan Siya. Nakatira pa nga Siya sa isang bahay. Nakatira Siya sa isang lugar na kung tawagin ay Langit. At samakatwid, sa pamamagitan ng Kanyang omni-, pagiging omnipresente; pagiging omnisyente, na alam ang lahat ng bagay, kung ganun Siya ay sumasalihat-ng-dako dahil alam Niya ang lahat ng mga bagay.

<sup>39</sup> Kayo, ngayon, lumaki kayo mula sa inyong pagkasilang, nang kayo ay ipinanganak at iniharap sa mundong ito. Alam ng Diyos na mapaparito kayo sa daigdig na ito, at lumaki kayo mula pagkasilang hanggang sa pagkahustong gulang. Mga bagay na para bang labis na kakaiba sa inyo, noong kadalagahan ninyo, kabinataan ninyo, samantalang mga bata pa, ay para bang totoong-totoo na ngayon. Hindi n'yo maintindihan iyon noong bata pa kayo. Pero ngayon, habang papatanda na kayo, nag-uumpisa na kayong maintindihan at malaman na sadyang nakaayos nang tamang-tama ang lahat ng bagay. At, kayo, iyon ay talagang may kabuluhan na sa inyo ngayon.

<sup>40</sup> Ganun din naman sa inyong espirituwal na kapanganakan. Gumagawa kayo ng mga bagay na hindi n'yo nauunawaan, noong kayo'y isang maliit na sanggol pa lang, lumalapit sa altar. Ibinibigay n'yo ang inyong buhay kay Cristo. Gumagawa kayo ng mga gayong bagay na kakaiba. Nagtataka kayo kung bakit n'yo ginawa iyon. Ngunit pagkaraan ng ilang panahon, nang nasa hustong gulang na kayo, bilang mga Cristianong nasa hustong gulang, ay saka ninyo naiintindihan iyon. Kita n'yo? May kung anong nagbibigay-linaw. Nakikita n'yo kung bakit kinailangan n'yong gawin iyon. Ang inyong

espirituwal na kapanganakan! Inilalarawan ng inyong natural na kapanganakan ang sa inyong espirituwal.

Gaano—gaano ‘yon umakma sa inyo, sa buhay na ito, habang lumalaki kayo, lahat ay umakma nang tamang-tama, sapagkat kayo’y ginawa para diyan. Hindi ba’t isang kakatwang bagay, nang gabing kayo’y nag-aatubiling pumunta sa gawain, sa pagtitipon sa tolda, o sa munting iglesya sa tabi-tabi lang sa may kanto, at may kung anong ipinangaral ‘yung mangangaral, isang partikular na paksa, at kayo’y sadyang nagpatirapa mismo sa may altar? Kita n’yo? Kita n’yo? Alam na iyon ng Diyos, bago pa man natatag ang sanlibutan. Kita n’yo? Iyon—iyon ay para bang kakatwa sa inyo, kung bakit n’yo ginawa iyon noon. Pero ngayon ay nauunawaan na ninyo; alam na ninyo kung ano’ng nangyari. Talagang akmang-akma iyon sa inyo sa buhay na ito, at magiging ganun din sa Buhay na darating. Itong mundong ito pati na ang buhay nito ay tila ba sumu—sumusulong habang kayo’y gumugulang. Lahat ng bagay ay tila ba sumasakto sa inyo.

<sup>41</sup> Hindi ako naniniwala sa isang . . . na nagkataon lang na nandito ang isang tao. Ngayon isipin n’yo lang, nang dumating kayo sa—sa daigdig, lahat ay kinailangang paunang nakahanda na para sa inyo, o nakahanda na sa simula pa man, pala, para sa inyo. Hindi ko halos maunawaan kung paanong maiisip natin na ang isang Diyos na kayang makapaghanda nitong lahat ng mabubuting bagay para sa atin ay hindi . . . hindi natin magawang ilagak ang ating tiwala sa Kanya. Na, kung tayo’y dinala Niya sa salimuot na ito na kinaroroonan natin ngayon, at inihanda ang mga mabubuting bagay ng buhay para sa atin dito, gaano natin Siya mas higit na mapagtitiwalaan sa paghahanda ng mga bagay na darating, kita n’yo, ang mga bagay na Walang Hanggan! Ito’y para bang, masasabi kong, kaibang-kaiba.

<sup>42</sup> At ako—hindi ko ipinapalagay na ang Langit ay isang lugar na tulad ng ikinukuwento sa akin dati ng nanay ko. Naniniwala akong lumago na ang pang-unawa ng Iglesya mula riyon. Ang isipin na, ganun nga dati, isandaang taon na ang nakararaan, o dalawa, palagay ko akala noon ng mga datihan na lahat ng namatay ay umakyat sa Langit at nagkaroon ng alpa, at—at naupo doon sa mga ulap at—at tumugtog ng alpa. Ngayon, alam nilang may lugar na kung tawagin ay Langit. Ngunit, sila, kung ganun nga, pag-iinitan tayo ng lahat ng mga musikero, kita n’yo. Subalit tayo . . . Pero iyon—iyon ay hindi isang ganoong klase ng lugar. Hindi iyon pagtugtog ng mga alpa, sa anumang paraan. Naniniwala ako, hindi naniniwalang itinuturo iyan ng Biblia. Subalit iyan ang naging pagkakaunawa nila noon bago lumitaw ang buong kapuspusan ng Salita, o ang pagbubukas ng Pitong Tatak, na ipinangako sa atin sa kapanahunang ito, kung kailan nauunawaan na natin.

Naniniwala akong ang Langit ay isang totoong lugar, tulad din ng pagiging totoo ng lugar na ito, kita n’yo, dahil sinimulan

tayo ng Diyos sa ating espirituwal na paglago sa dakong ito. At naniniwala akong ang Langit ay isang lugar na kasing-totoo nito, kung saan hindi tayo nakaupo doon nang buong Walang Hanggan at nakaupo lang doon sa isang ulap. Hindi lang natin kinakalabit ang ating alpa, sa buong—lahat mula rito, kailanman. Kundi paroroon tayo sa isang totoong lugar kung saan tayo gagawa ng mga bagay-bagay, kung saan tayo maninirahan. Gagawa tayo. Maglilibang tayo. Mamumuhay tayo. Paroroon tayo sa Buhay, sa isang totoong Buhay na Walang Hanggan. Paroroon tayo sa isang Langit, isang paraiso. Tulad ng sina Adan at Eba ay gumawa, at namuhay, at kumain, at naglibang, sa halamanan ng Eden bago pumasok ang kasalanan, tayo’y nasa ating paglalakbay papabalik na muli roon, nang tuluy-tuloy, pabalik muli. Ang unang Adan, sa pamamagitan ng kasalanan, ay inilabas tayo. Ang Ikalawang Adan, sa pamamagitan ng katuwiran, ay ipinasok tayong muli pabalik; inaaring-ganap tayo at ipinapasok tayo pabalik.

<sup>43</sup> Kayong mga taong nagte-teyp ngayon, tungkol sa mensahe ng “pag-aaring ganap,” gusto kong kunin ninyo iyon. At nagte-teyp nga kayo, gusto kong makuha ninyo iyan. Tinalakay ko iyon, dito kailan lang.

<sup>44</sup> Tingnan n’yo kung paanong ang inyong magulang sa lupa, bago pa man kayo dumating dito, bago pa man nila nalamang darating kayo, ay naghanda para sa inyong pagdating. Isipin n’yo nga iyan ngayon, ang inyong mga magulang sa lupa. Na, ang isang magulang sa lupa ay isang tipo lamang ng isang Magulang sa langit. “Kung tayo nga ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa ating mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa Langit ang magbigay ng mabubuting kaloob sa Kanyang mga anak.” Sinabi ni Jesus ang mga Salitang ito. Kita n’yo?

Pinaghandaan nila ang inyong pagdating. Gumawa sila ng isang maliit na kuna, o kumuha ng isang maliit, ng kung anong maliliit na ginantsilyong sapatos ng sanggol, at maliliit na damit, at iba pa. Pinaghandaan nila, ang lahat para sa pagdating n’yo, nakahanda na bago pa man kayo naparito sa mundo.

<sup>45</sup> Pumaroon na si Jesus upang mapaghandaan ang pagpunta natin doon. Ngayon pansinin. “Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan.” O kaya, hayaan nating . . .

Hindi ko hinahangad na magdagdag sa Salita, o bawasan Ito, sapagkat hindi natin dapat gawin iyan. Sinabi ng Apocalipsis 22, “Sinuman ang magdagdag ng isang salita, o magbawas ng isang Salita mula Rito.” Ngunit hayaan n’yong gawin ko ito, hindi bilang isang pandagdag, kundi para—para lang makapagpakita ng pinupunto.

“Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming uri ng mga tahanan.” Hindi ako naniniwalang pagdating natin sa Langit tayo ay



magiging, ang bawat isa ay magiging sadyang magkamukhang-magkamukha. Hindi ako naniniwala na—na ang lahat ay magiging mga taong kulay-ginto ang buhok, o mga taong kulay-tsokolate ang buhok, o kaya—o kaya’y maliliit, o kaya—o kaya’y malalaki lahat, o—o mga higante lahat.

Naniniwala akong ang Diyos ay isang Diyos ng pagkakaiba-iba. Pinatutunayan iyan ng daigdig. Meron Siyang malalaking bundok at maliliit na bundok. Meron Siyang mga kapatagan. Meron Siyang mga disyerto. Meron Siyang iba’t ibang bagay, dahil ginawa Niya iyon sa paraang nais Niya. At ginawa Niya ang mga panahon; tag-init, taglamig, tagsibol, taglagas. Ginawa Niya ang mga panahon. Ipinapakita nito na Siya ay isang Diyos ng pagkakaiba-iba. Ginawa Niya kayong magkakaiba. May mga tao na talagang mabagsik magsalita; at ang ilan ay talagang laging iginigiit na sila’y tama; at ‘yung iba ay ayos lang; ‘yung iba naman ay mababait. At sadyang makakatagpo kayo ng lahat ng iba’t ibang klase ng tao, at sa Kanyang Kaharian. Kita n’yo?

<sup>46</sup> Tingnan n’yo si San Pedro, at ikumpara siya kay Andres. Kita n’yo? Si Andres ‘yung mandirigma sa panalangin, nanatili lang sa pagluhod sa tuwina. At si apostol Pedro ay isa doon sa mga palaban na nangaral, at—at iba pa. At si Pablo naman ay mas parang iskolar, mas tipong. . .kagaya ng propeta, o kung ano, at mahinahon.

<sup>47</sup> At, kita n’yo, isinulat ni Moises ang apat na Aklat ng sa Luma. Na, siya ang sumulat ng Lumang Tipan. Ang lahat ng iba pa niyon ay mga kautusan, at mga hari, at mga awit, at iba pa, at kung ano ang sinulat ng isang tao tungkol sa mga propeta. Pero sinulat ni Moises ang mga kautusan, ‘yung unang apat na Aklat ng Biblia: Genesis, Exodo, Levitico, at Deuteronomio.

<sup>48</sup> At pagkatapos ay sinulat naman ni Pablo ang Bagong Tipan. Totoo ‘yan. Sinulat nina Mateo, Marcos, Lucas at Juan ‘yung mga gawang naganap, at iba pa. Subalit pinaghiwalay ni Pablo ang kautusan at biyaya, at inilagay iyon sa kanya-kanyang lugar. Kita n’yo? Siya ang manunulat ng Bagong Tipan. Ibinigay niya sa atin ‘yung mga kasulatan ng Bagong Tipan, inilagay sa tamang kalalagyan ang Salita ng Diyos.

Ngayon pansinin, *marami*, “maraming tahanan,” maraming uri ng mga tahanan.

<sup>49</sup> Gaya ng, maraming uri ng mga burol; gaya ng, maraming uri ng mga ilog, mga bukal, mga lawa. Naririto na ang mga iyan nang dumating kayo rito, noong una pa, dahil inilagay sila rito ng kabutihan ng inyong Ama na Nasa Langit. Sapagkat, may ibang tao na ang gusto’y mga bundok. May mga tao na ang gusto’y mga anyong tubig. Ang gusto naman nung iba’y mga disyerto. Kaya, kita n’yo, ang pagdating ninyo, alam na Niya ang kalikasan n’yo at kung magiging ano kayo, kaya naman ginawa Niya iyon sa paraang sadyang kalulugdan n’yo iyon. Oh!

Sa palagay ko iyan ay isang kalugud-lugod na Ama, kita n'yo, ang malaman na iyon ay ginawa Niyang ganito.

Natutuwa ako't gumawa Siya ng mga bundok. Ako—gusto ko ang mga kabundukan. Ako... At ako—gusto ko iyon. Samantalang, 'yung iba, "Naku, hindi ko matatagalan... Oh, malamang ay inalisang Niya ng laman 'yung Kanyang kahon ng mortar doon sa labas." Buweno, inalis Niya ang laman niyon para mapaglibangan ko iyon. Nakita n'yo? Kaya sasabihin naman, "Gusto ko ang kapatagan, kung saan mas malawak ang nakikita ko." Buweno, ang dalawang magkaibang kalikasan, nating mga kapwa Cristiano.

Ngunit alam na ng Ama na paririto kayo, at inihanda na ang lahat para sa inyo bago kayo nakarating dito. Amen. 'Yung unang pagpunta ninyo, rito, naihanda na Niya iyon para sa inyo nang dumating kayo rito. Hindi ba iyon kamangha-manghang maisip kung ano'ng ginawa Niya?

<sup>50</sup> Ngayon, ngayon, pero alalahanin, ang mga ito'y pansamantalang kaloob lamang, bilang tipo. "Ngayon, batid natin na si Moises, sa pagtatayo ng tabernakulo sa ilang, o paghahanda niyon, kanyang sinabi na ginawa niya ang lahat ng bagay alinsunod sa ayos ng nakita niya sa Langit." Kita n'yo? Kaya, inilalarawan lamang ng mga bagay sa lupa kung ano ang mga bagay na Walang Hanggan. At kung ang mundong ito na tinatahanan natin ngayon, na napakainam, na kinagigiliwan natin ito; at ibig na mabuhay, at lumanghap ng hangin, at pagmasdan ang mga bulaklak at mga bagay-bagay; kung—kung iyan, kung ito rito ay ang pagsasalarawan, ang isang nag-aagaw-buhay ay inilalarawan lamang ang isang Walang Hanggan. Kapag nakakita kayo ng isang punongkahoy na nagpupumilit, humahatak, nagsisikap mabuhay, iyan ay nangangahulugang may isang puno sa kung saan na hindi kailangang gawin iyan.

Kapag nakakita kayo ng isang tao rito, na nagpupumilit mabuhay, isang tao na nasa ospital, o nasa banig ng karamdaman, o naaksidente, na nagpupumilit, at ang garalgal ng kamatayan ay nasa kanilang lalamunan na, at humahatak, at sumisigaw, at humihyaw sa ikaliligtas ng buhay, ano ang ibig sabihin niyon? May isang dako, sa kung saan, may isang katawan na hindi naman nagpupumilit at humihyaw para doon. Kita n'yo? Sadyang hindi nito ginagawa iyon.

<sup>51</sup> Ngayon, ang mga ito ay pansamantalang kaloob sa atin, ang mga bagay na ito, naglalarawan lamang na mayroong Isa kung saan ito'y ang Nag-iisang Walang Hanggan. Iyan nga ang inihanda ni Jesus kaya pumaroon na, ang Nag-iisang Walang Hanggan para sa atin. Ngayon, inilalarawan lang ng mga ito na may isang lalong dakila na mula sa gayon ding uri, dahil magkauri ang mga ito.

<sup>52</sup> Ngayon, alalahanin, sinabi ng Biblia, “Kung ang ating bahay na tabernakulong ukol sa lupa, kung ito’y pumanaw, masira, mayroon tayong isang naghihintay na.”

Katulad ng munting sanggol, ‘yung maliliit na kalamnan nito, na nasa ina, ay papihit-pihit at pagalaw-galaw. At, ngunit para . . . Kita n’yo? At napapansin n’yo ba, maaari n’yong ipagpalagay ang isang babae, kung siya man ay naging labis na di-kaaya-aya ang ugali; ngunit kapag siya ay naging isang ina, kaunti pang sandali bago isilang ang sanggol na iyan, may kung anong kabaitan doon sa babae. Paligiran n’yo siya, laging may kung anong bagay, mas malambot ang kalooban niya. Bakit? May isang munting espiritung anghel na naghihintay na matanggap ang natural na katawang iyon. Pagkatapos na pagkatapos na mailuwal ito, pumapasok sa loob nito ang hininga ng buhay. At inihinga iyon doon ng Diyos, at ito’y nagiging isang buhay na kaluluwa. Ngayon, habang isinisilang pa lang ang sanggol na ito, kung gano’n ay naroroon ang espirituwal na katawan para tanggapin ito.

At ngayon, kapag maihulog na ang katawang ito rito, sa lupang ito, tulad ng iniluluwal din ang sanggol, meron ding isang imortal na katawang naghihintay na matanggap ang espiritu pabalik muli sa sarili nito. Oh, kaydakilang bagay! Tayo ay—tayo ay na kay Cristo Jesus na ngayon, (amen), mga sanggol, mga sanggol kay Cristo, mga anak ng Diyos, na naghihintay sa ganap na katubusan, sa Pagparito ng ating Panginoong Jesus, ang . . . upang tayo’y tanggapin sa itaas sa Kanyang Sarili, kapag ang katawan, itong may-kamatayan, ay nagbihis ng walang-kamatayan.

<sup>53</sup> Ang pagkakawangis, ang lahat ng mga bagay na Kanyang ginawa, ay inilalarawan ang mga bagay na darating. Gaya ng ibinibigay sa inyo rito ng katawan, gaya ng ang katawang ito, na ibinigay Niya upang panahanan ninyo, ay naglalarawan lang na may isang lalong dakila, pa, na darating. Kita n’yo? “Kung paanong tinataglay natin, o tinaglay ang larawang ukol sa lupa, ay tataglayin din naman natin ang larawang ukol sa Langit,” na walang taglay na mga kasamaan sa isang ito na darating. Ngayon, itong isang ito ay may taglay ngang kasamaan, karamdaman, kamatayan, dalamhati. Kapapahayag ko pa lamang dito, di pa katagalan, sa pangangaral tungkol sa *Ang Pagbabagong-Anyo Ng Salita Ng Diyos*, kung paano na—na ang katawang ito, taglay nito sa loob ang kasamaan.

<sup>54</sup> At lahat ng modernong sibilisasyong ito na kinabubuhayan natin ay sa Diablo. Hindi kayo naniniwala diyan? Sinasabi ng Biblia na ganun nga; ang mundong ito, ang bawat pamahalaan. Ayaw nating paniwalaan iyan. Pero malinaw na sinasabi iyon ng Biblia, na ang bawat gobyerno, ang bawat kaharian sa lupa, ay pag-aari ng Diablo at pinamumunuan ng Diablo. Si Jesus ay dinala ni Satanas, paakyat, at ipinakita sa Kanya ang lahat

ng mga kaharian sa sanlibutan na naroon na dati, na darating pa lang, at kung anu-ano pa. At ang mga iyon ay inangkin ni Satanas, na sa kanya, at hindi kailanman nakipagtalo si Jesus sa kanya, dahil siya ang diyos ng sanlibutang ito. Kita n'yo? At sinabi niya, "Ibibigay ko ang mga iyan sa Iyo kung Ikaw ay magpapatirapa at sasamba sa akin." Kita n'yo? Pinipilit niyang ibigay ang mga iyon kay Jesus, nang walang pagsasakripisyo. Kita n'yo? Iyon ay isang pakikipagtawaran na iniaalok niya sa Kanya.

Ngunit ang sanlibutan ay nagkasala. Kaya, ang parusa sa kasalanan ay kamatayan, at kinailangan Niyang mamatay. Iyan ang dahilan kaya't ang Diyos ay nahayag sa laman, para akuin Niya Mismo ang kamatayan, upang mabayaran ang kaparusahan. Wala nang babalikan. Hindi ito nakareserba. Ito'y siguradong-sigurado na, bayad nang talaga. Lahat ng pagkakautang ay bayad na. Kanya na ito ngayon. At tayo ay mga kinatawan ng Kanyang Kaharian, na sama-samang nagkakatipun-tipon sa gabing ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo na ating Hari, mga nangakaupo sa Sangkalangitan.

<sup>55</sup> Ngayon, sa mundong ito na ginagalawan natin, itong edukasyon. Gusto kong patunayan sa inyo. Ang edukasyon, siyensiya, sibilisasyon, at lahat ng mga bagay na ito na para bang labis nating kinawiwilihan ngayon, ay kay Satanas, at maglalaho. Sasabihin mo, "Kapatid na Branham, ang sibilisasyon?" Siyanga, po. Dumating ang sibilisasyong ito sa pamamagitan ni Satanas. Pinatutunayan iyon ng Genesis 4. 'Yung anak na lalaki ni Cain, kita n'yo, ang nagpasimula nitong sibilisasyong ito, sa pagtatayo ng mga siyudad, at mga organismo, at iba pa. At dumating ang sibilisasyon sa pamamagitan ng kaalaman. Ang kaalaman ang ipinanghimok ng Diablo kay Eba, sa halaman ng Eden, na nagbunsod sa kanya na pilipitin, suwayin ang utos ng Diyos.

Kaya magkakaroon ng sibilisasyon sa daigdig na patutunguhan natin, ngunit hindi iyon magiging ganitong uri ng sibilisasyon, dahil sa sibilisasyong ito ay meron tayong karamdaman, pagdadalamhati, pagnanasa, kamatayan, lahat ng bagay na nasa sibilisasyong ito, mali. Ngunit sa sibilisasyong iyon ay walang mga ganitong bagay. Hindi natin kakailanganin ang siyensiya.

Ang siyensiya ay ang pagbabaluktot sa orihinal, kung tutuusin. Kita n'yo? Hahatiin n'yo ang isang molekula, para hatiin naman ang mga atom at gawin *iyon-at-iyon*, para pasabugin kayo. Gagamit kayo ng pulbura ng baril, ibabari *ito*, para pumatay ng kung ano. Gagamit kayo ng kotse. At kukuha ng gasolina mula sa lupa, at ng mga elemento mula sa lupa, para mapaluwag ang mga hibla, nang sa gayon ay pwede na itong sumabog. At tatakbo sa daan nang siyamnapung milya kada oras, at makakapatay ng isang tao. Kita n'yo? Oh, masyadong

ninenerbiyos, nakikipaggitgitan, nagmamadali; nagsimula na tayong makipagtulakan, makipag-agawan. Oh! Kita n'yo? Ang lahat ng ito'y sa Diablo.

Ang Kaharian ng Diyos ay hindi magkakaroon ng mga sasakyan, mga eroplano, o anumang mga gawang siyentipiko. Hindi. Hindi na iyon magkakaroon pa ng anumang edukasyon, hindi na. Iyon ay magiging isang edukasyon na talagang higit na napakataas kaysa rito, na maging ito ay ni hindi na maiisip pa. Kita n'yo? Ang edukasyon, sibilisasyon, at lahat ng ito, ay galing kay Satanas.

Ngayon, sasabihin mo, “Kapatid na Branham, bakit ka nagbabasa, kung gano'n?”

<sup>56</sup> Kita n'yo, parang katulad ng, bakit ako nakadamit ngayon? Sa sibilisasyon na darating, iyon noong una, hindi nila kailangan ng anumang mga kasuotan. Sila'y nalalambungan. Wala silang dahilan para magdamit, pagkat hindi nila alam na sila'y mga hubad. Ngayon kayo. . . Ngayon natutuklasan n'yo, na, sa ngayon, na, alam na nating tayo ay—ay—ay—ay mga hubad, ang kasalanan ay nananahan dito, kung gano'n kinakailangan nating magdamit. Ngunit hindi ganun noong pasimula; walang kasalanan noon. Kita n'yo?

<sup>57</sup> Ngayon, ang gayon ding bagay ay nasa kalakaran ng sibilisasyon, sa kalahatan. Nagbabasa tayo. Nagsusulat tayo. Ginagawa natin ito. Pero kailanma'y huwag masanay diyan. Iyan ay huwag na huwag n'yong gawing diyos ninyo, dahil iyan ang diyos ng komunismo. Kita n'yo? Hindi iyon kay Jesus Cristo.

<sup>58</sup> Ang kay Jesus Cristo ay sa pamamagitan ng pananampalataya; hindi kung ano ang mapapatunayan n'yo sa siyentipikong paraan, kundi kung ano ang inyong sinasampalatayanan. Hindi ko kayang patunayan sa inyo sa siyentipikong paraan, sa gabing ito, sa loob nitong gusali, na merong Diyos, ngunit magkagayon man alam kong naririto Siya. Ngunit, sa pamamagitan ng aking pananampalataya, ay nabibigyang-katibayan ito.

Hindi kayang patunayan sa inyo ni Abraham sa siyentipikong paraan na magkakaanak siya doon sa babae, at 'yung babae ay halos isandaang taon na. Subalit pinatotohanan iyon ng kanyang pananampalataya. Kita n'yo? Hindi na nangailangan ng anumang siyentipikong katibayan. Aba, ang. . . Aba, sasabihin nung doktor, “Nasisiraan na ng bait 'yung matandang lalaki, dito sa labas na nagsasabing magkakaroon daw siya ng isang—isang sanggol sa pamamagitan ng babaeng iyon; siya na isandaang taong gulang na, at 'yung babae ay siyamnapu na.” Pero, kita n'yo, sinabi ng Diyos na ganun nga, kaya hindi ito nangangailangan ng siyensiya. Nangangailangan ng pananampalataya, para masampalatayanan ang Salita ng Diyos, hindi siyensiya.

<sup>59</sup> Kaya, 'yung ating mga paaralan at mga bagay-bagay ay isang naglalalaking pagsasayang. Dahil, hindi kailanman sinabi ng Diyos na, "Humayo kayo at magtayo ng mga paaralan," o maging ang, "magkaroon ng mga Bible school." Alam n'yo ba 'yan? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang sabi Niya, "Ipangaral ang Salita." Talagang tamang-tama 'yan. 'Yung ating mga sistema ng edukasyon ang tumangay sa atin nang lalo pang papalayo sa Diyos kumpara sa anumang bagay na alam ko, tama 'yan, lalo pang papalayo sa Diyos. Hindi ang magtayo ng mga eskuwelahan, mga ospital, at iba pa; iyan ay para sa sanlibutan at sa grupong iyan. Ganun pa man, wala akong minamasama sa kanila; ginagawa nila ang kanilang mga bahagi, pero iyan ay hindi pa rin iyon.

Nagtatayo tayo ng ospital, na napakainam talaga, at nanggagamot na gamit ang pinakamabisang gamot na meron tayo, at libu-libo naman ang namamatay doon araw-araw. Ngunit, oh, naku, sa Kaharian ng Diyos, walang kamatayan doon, walang kalungkutan doon. Amen. Hindi na kailangan itong mga bagay ng sanlibutan. Kundi tayo'y lumampas na sa bagay na ito, tungo sa mga realidad ng Diyos; kung saan pinagpipilitan natin nang husto na subukang makatuklas, sa pamamagitan ng siyensiya. At miyentras na nagiging siyentipiko tayo, ay lalong maraming kamatayan ang idinudulot natin sa ating sarili. Tayo'y nakikipagtunggali diyan sa labanang wala na tayong magagawa pa, kaya ito'y bitawan na. At sa pamamagitan ng pananampalataya, sampalatayanan si Jesus Cristo na Anak ng Diyos, ngayong gabi, at tanggapin Siya. Siya ang Nag-iisang iyon.

<sup>60</sup> Ano'ng inihahanda ng siyensiya para sa inyo? Mas maraming kamatayan. Tama 'yan. Mga Sputnik at lahat na na nangagsisitaasan, lahat ng mga bagay na ito, para maghasik ng kamatayan at lahat na sa buong sanlibutan. Huwag kayong tumingin diyan. Ibalang n'yo ang inyong ulo sa mas mataas pa kaysa riyan, patungo sa Langit. Tumingin kung saan nakaupo si Jesus, "Sa kanan ng Diyos," sa gabing ito, "na nabubuhay magpakailanman upang mamagitan sa ating pagpapahayag," ng ating sinasampalatayanan, ang Kanyang Salita bilang siyang Katotohanan.

<sup>61</sup> Ngayon, nasusumpungan natin, na itong buhay na ito ay nagtataglay ng lahat ng uri ng mga kasamaan, kaya samakatwid ang buhay na darating ay hindi magkakaroon niyon. Ang isang ito ay may pagnanasa, at karamdaman, kamatayan. Sapagkat, ano ba ito? Hindi ito 'yung bahay na Kanyang ihahanda kaya pumaroon na. Ito ay isang pesthouse. Ilan ang nakakaalam kung ano ba ang isang pesthouse? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sigurado. Buweno, iyan ang tinatahanan n'yo ngayon. Ang isang pesthouse ay kung saan nila inilalagay 'yung lahat ng mga taong may nakakahawang karamdaman. Buweno,

iyon nga ang ginawa sa atin ng kasalanan, inilagay tayo sa isang makalupang pesthouse. Kung kayo. . .Hindi sila nagpapapasok ng kahit sino sa pesthouse, dahil nandun ang lahat ng uri ng mga mikrobyo na nagliliparan sa paligid doon sa loob, at— at makukuha ng mga tao ‘yung mga mikrobyo na iyon at—at magkakasakit, sila mismo. At ang kasalanan ay ipinasok tayo sa pesthouse ng Diablo.

<sup>62</sup> Oh, pero ‘yung isa ay tinatawag na, “Bahay ng Aking Ama.” “Paroroon Ako at ipaghahanda Ko kayo ng isang dakong kalalagyan. Ilalabas kayo rito sa pagamutan ng mga may nakakahawang karamdaman at dadalhin kayo sa Bahay ng Aking Ama.” Amen. Hayan nga kayo; ilalabas kayo mula sa lumang makalupang pesthouse na ito. Pumaroon na Siya upang maghanda ng isang dakong kalalagyan, isang sakdal na lugar kung saan walang umiiral na kasamaan, walang umiiral na karamdaman, walang umiiral na katandaan, walang umiiral na kamatayan.

Iyon ay isang sakdal na lugar na tumatawag sa inyo patungo sa kasakdalang iyon, at kailangang maging sakdal kayo para makarating doon. Gayon nga ang sinabi ng Biblia. Sinabi ni Jesus, “Kayo nga’y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa Kalangitan na sakdal.” Iyon ay isang sakdal na Kaharian, kaya nararapat na mga sakdal na tao ang maparoon. Dahil, kailangan ninyong tumindig at ikasal sa isang sakdal na Anak ng Diyos, at kailangang kayo’y maging isang sakdal na Nobya. Kaya paano n’yo magagawa iyon sa pamamagitan ng ano pa mang bagay kundi sa sakdal na Salita lamang ng Diyos, na siyang, “Mga Tubig para sa karumihan, na naghuhugas sa atin mula sa ating mga kasalanan”? Amen. Tama ‘yan. Ang Dugo ni Jesus Cristo, isipin n’yo Iyon, ang pumapatak-patak, na Duguang Salita. Amen. Ang Dugo, ang—ang Salita ng Diyos na naglalabas ng Dugo, upang hugasan ang Nobya. Amen. Siyanga, po. Siya ay nakatindig na sakdal, birhen, dalisay. Hindi siya nagkasala kailanman, unang-una. Amen. Siya’y ipinasok sa patibong niyon. Kita n’yo?

Hayan ang Bahay ng Ama na ihahanda Niya kaya pumaroon na.

<sup>63</sup> Ang isang ito ay nabuo sa pamamagitan ng pagtatalik, at mula sa pagkahulog, at dapat na mahulog kasama ng pagkahulog. Kahit gaano mo pa tagpian ang nasabing lumang bagay, siya’y mahuhulog, paano’t paano man. Tapos na siya, dahil siya’y nahatulan nang mamatay, pagkat sinabi ng Diyos na ganun nga. Tapos na siya. Wawasakin ito ng Diyos. Sinabi Niyang ganun nga. Magkakaroon ng pagbabago sa buong bagay. Naniniwala ba kayo riyan? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

Noong pasimula, nang ipanganak ang daigdig, nang ihiwalay ng Diyos ang tubig, muna, mula sa lupa, katulad ng ginawa Niya sa tubig mula sa sinapupunan ng ina, may isinilang na isang daigdig. Oo. At nagsimulang manirahan sa ibabaw nito ang mga tao nang ilagay sila roon ng Diyos. At pagkatapos ay nagsimula silang magkasala. At ito'y nabautismuhan, sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, noong panahon ni Noe. Pagkatapos ay pinabanal ito ng Dugo ng Manlilikha na pumapatak sa ibabaw nito.

At ngayon sa ganyang paraan ka rin dumating, sa pamamagitan ng pag-aaring ganap, na sampalatayanan ang Diyos. Ikaw ay binautismuhan sa pagsisisi, o, gayon din, sa ikapagpapatawad ng iyong mga kasalanan. Ipinahayag mo sa harap ng Diyos ang iyong mga kasalanan, at pinatawad ka Niya sa ginawang iyon. At ikaw ay binautismuhan, upang ipakita na ikaw ay naging, na ikaw ay napatawad na; ipinahahayag sa mga tao, at ipinapakita sa mundo, na ikaw ay sumasampalatayang namatay si Jesus Cristo para sa iyo. At ikaw... Kinuha Niya ang lugar mo, at ngayon ikaw ay nakatayo sa lugar Niya. Siya'y naging ikaw, nang sa gayon ikaw ay maging Siya.

Pagkatapos ang nagpapabanal na kapangyarihan ng Diyos ay nilinis ang buhay mo mula sa lahat ng mga bisyo. Dati kang naninigarilyo, uminom, gumagawa ng mga bagay na hindi tama, nagsisinungaling, lahat na. Pagkatapos ang nagpapabanal na kapangyarihan ng Dugo ni Jesus Cristo ay dumarating sa buhay mo at inaalís sa iyo ang lahat ng mga bagay na iyon. Kung nagkataong sinabi mong may bagay na hindi mali, sabihin agad, "Sandali muna. Patawarin n'yo ako. Hindi ko sinasadyang sabihin iyon nang ganyan." Kita n'yo? Ang Diablo ay may nakalagay na patibong diyán. Gayunman mayroon kang biyaya para makabalik, kung ikaw ay isang tunay na Cristiano, sabihin, "Nagkamali ako." Oo. Kaya, samakatwid, ngayon, ang...

<sup>64</sup> Ngayon, ang kasunod na bagay na tinatangap mo, ay ang bautismo sa Banal na Espiritu at Apoy.

Ngayon, ang Diyos, kapag tapos na ang Milenyum na ito, bibigyan ng Diyos ang mundong ito ng isang bautismo sa apoy. Pasasabugin nito ang buong bagay. "Masusunog ang sangkalangitan at lupa." Sinabi ni Pedro na ganun nga. At ang naturang bagay ay magkakaroon ng isang bautismo sa apoy, gagawing bago ang buong bagay. At pagkatapos ay magkakaroon naman ng isang bagong sangkalangitan at isang bagong lupa. Iya'y, kung kailan, kung saan nananahan ang katuwiran.

Naririyán na tayo. Mula sa pagiging mga mortal na nilalang, mula sa pagiging mga nilalang na may panahon, tayo'y naging mga Walang Hanggang nilalang na. Kung kailan tinanglawan ng Salita ng Diyos ang ating mga kaluluwa, at tayo'y naging mga



anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, na taglay ang mga katangian, ang gene ng Diyos sa atin, upang maging mga anak na lalaki at anak na babae ng Ama, Diyos na nasa Langit, sumisigaw ng, “Abba, Ama! Diyos ko, Diyos ko, sa Bahay ng aking Ama.”

<sup>65</sup> Ngayon, ang lumang sanlibutang ito ay kailangang mahulog, dahil ito’y dumating sa pamamagitan ng pagtatalik. At iyon ay dumating sa pamamagitan ng pagsuway, noong pasimula. At tayo’y ipinanganak dito sa pamamagitan ng pagtatalik, sa pamamagitan ng pagkahulog, at dapat itong bumalik mismo sa gayon pa ring daan, patungo sa pagkahulog. Subalit’yung isang inihahanda Niya ngayon para sa inyo, ay hindi na maaaring mahulog, pagkat ginagawa Niyang ganun iyon. “Ako’y paroroon . . .”

Ano kaya kung kinailangan nating manatili na lamang sa ganitong uri ng katawan? Hindi ba kayo natutuwa at may gayong bagay tulad ng kamatayan? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon hindi ba’t kakaiba iyon? Pero ngayon, ipagpalagay, halimbawa . . .

Ilang taon na ang nakararaan, isa akong maliit na batang lalaki, at ngayon ay isa na akong lalaking nasa katanghaliang-gulang. Meron akong kaibigang nakaupo banda riyon mismo, si G. Dauch, at siya ay siyamnapu’t tatlong taong gulang na, ilang araw pa lang ang nakararaan. Tingnan n’yo siya ngayon. Apatnapu o apatnapu’t limang taon pa, magiging ako na iyon. Ngayon dagdagan n’yo siya ng apatnapung taon pa. Saan kayo pupunta? Ang tanging . . .

<sup>66</sup> Natutuwa ako na may makapaglalabas sa atin mula sa pesthouse na ito. May isang nakabukas na pintuan, at ito’y tinatawag na kamatayan. Nakatayo si Jesus sa pintuang iyan. Amen. Gagabayan Niya ako patungo sa ibayo ng ilog. Idadaan Niya ako sa pintuang iyan. May isang napakalaking pintuang nakatindig sa ibayo roon, na tinatawag na kamatayan. At sa tuwing tumitibok ang puso mo, isang tibok ang inilalapit mo rito. At balang araw kailangan kong dumaan sa pintuang iyan. Kailangan ninyong dumaan diyan. Ngunit kapagka dumaan ako riyon, ayokong maging isang duwag. Ayokong sumigaw at umatras. Gusto kong dumaan sa pintuang iyan, ibalot sa aking sarili ang mga balabal ng Kanyang katuwiran (hindi ng sa akin), Kanya.

Sa pamamagitan nito’y nalalaman ko, na, “Nakikilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli.” Na, kapag Siya ay tumawag, lalabas ako mula sa gitna ng mga patay, upang makasama Siya, papalabas sa pesthouse na ito. Saan man mahulog ang katawang ito, at saan man ito mapadpad, maging ano pa man iyon, lalabas ako balang araw, sapagkat ipinangako Niya Iyon sa akin. At sinasampalatayanan natin

iyon. Siyanga, po. Gumagawa Siya ng Isang hindi maaaring mahulog.

<sup>67</sup> Pansinin kung paanong ang isang inang nagdadalantao, sa lupa ngayon, kung paanong ang katawan ng ina ay may mga bagay na pinaglilihian. Ang kausap ko, sa palagay ko at umaasa ako, ay pawang mga nasa hustong gulang na makakaunawa. Ang ina, sa pagsilang ng sanggol, kung may kulang man sa katawan niya, nagsisimula siyang maglihi ng kung anong bagay. Tingnan kung paanong ang ama . . .

Naaalala ko noon lumaki kami, sa isang talagang mahirap na pamilya, at—at halos wala kaming makain nung mga bata pa kami. Marami sa inyo ang nakaranas ng ganyan ding bagay.

Kaya kung paanong, kapag, bago isilang ang mga sanggol, ang nanay ay may bagay na paglilihian. At sadyang magpapakahirap magtipid at maghanap kung saan-saan ang tatay, lahat na, makuha lang iyon para sa kanya. Kita n'yo? Iyon ay ang kanyang, ang katawan, ang kanyang katawan, ang calcium at iba pa ng kanyang katawan, at ang mga bitamina na kailangan niya. Nabubuo na si Junior, kita n'yo, at may mga bagay na kanyang matinding hinahangad, mga pagkain para sa paparating na anak. At kung paanong, ang mga magulang, sinisikap nilang makuha iyon para maisilang ang sanggol nang sadyang normal at masaya hangga't maaari. Kita n'yo kung paano iyan gagawin ng inyong mga magulang? Kapagka may kailangan, ang nanay ang nagpapatotoo tungkol dito, kita n'yo, nakasaayos na ang buong katawan niya. Naiintindihan n'yo ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Iyan, kung paanong sa tuwing may kailangan dito, sa isisilang na anak, ang—ang ina ay nagsisimula nang hangarin iyon nang matindi.

<sup>68</sup> Ngayon, huminto muna saglit. Bakit tayo may mga rebaybal? Bakit tayo sama-samang nagkakatipun-tipon? Bakit lagi kong sinasaway ang mga tao? Bakit nananawagan ako sa inyong mga babaing Pentecostal: "Tigilan n'yo na ang paglalagay ng mga kolorete, make-up, at pagpuputol ng inyong buhok, at mga kung anu-anong kagaya niyan?" Bakit ko sinasabi iyan? Sapagkat, hindi iyon ginagawa noon ng makalumang daan ng pentecostes. Ang tunay na daan ng Biblia ay ang huwag gawin iyan. Kayong mga nagsusuot nitong mga shorts at damit na para sa mga lalaki, alam n'yo bang sinasabi ng Biblia na iyon ay karumal-dumal sa Diyos? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pero pinapayagan natin iyon. Bakit patuloy na sumisigaw ang Espiritu Santo? Alam Nitong may kulang doon. Dapat tayong mapasa-ganap na kapuspusan ni Jesus Cristo. Dapat tayong maging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Dapat tayong kumilos na kagaya ng mga anak ng Diyos.

<sup>69</sup> Matagal na panahon na, may naisalaysay na isang munting kuwento. Napansin ko ang isang itim na kapatirang lalaki na

nakaupo sa may likuran. Doon sa Timog, dati silang nagbibili ng mga alipin. At ito, nang magkaroon sila ng mga alipin doon, nang ang pang-aalipin, ay bago pa ang pagpapalaya sa mga alipin, mula sa kautusan. At dumadayo sila at binibili ang mga iyon, ang mga taong iyon, na parang kagaya lang ng ginagawa nila sa isang—isang kotseng gamít na, negosyante. Meron silang katibayan ng pagbili, at ipinagbili ang mga taong iyon na para bang sila’y—sila’y mga gamít na kotse lang. Meron ka sa kanilang katibayan ng pagbili.

<sup>70</sup> Isang beses may isang dumating na mamimili, isang broker. At siya ay . . . Maglilibot siya sa malalaking tanimang iyon at bibili ng mga alipin. At dumating siya sa isang malaking plantasyon kung saan marami silang mga alipin, at gusto niyang makita kung ilan ang nasa kanila. At naroon lahat sila doon sa labas, nagtatrabaho. At sila—sila ay malungkot. Malayo sila sa kanilang lugar. Galing sila sa Aprika.

Dinala sila rito ng mga iyon. Dinala sila ng mga Boers at ipinagbili sila bilang mga alipin, at kaya nga malungkot sila. Alam nilang hindi na sila makakauwi pang muli kahit kailan. Sila’y mabubuhay at mamamatay na doon sa lupain. At ang mga ito’y merong, maraming beses, ang mga ito’y nagdadala ng mga panghagupit at sila’y hinahagupit. Sila’y gamit na pag-aari ng may-ari, at ginagawa niya sa kanila ang ibig niyang gawin. At sila lamang. . . Kung pinatay niya ito, pinatay nga niya ito. At kung siya, maging ano pa man iyon, basta ginawa lang niya iyon. Ganyan ang pagkaalipin, katulad dati ng Israel, at—at marami sa mga bansa ang dinala sa pagkaalipin. At kinailangan ng mga ito na kunin silang mga kawawang alipin. Nanilbihan lang sila. Umiiyak sila, alam n’yo, sa tuwina, at malungkot.

<sup>71</sup> Pero napansin ng mga ito ang isa sa mga alipin na iyon, kabataang lalaki, nakausli ang dibdib niya, nakataas nang *paganyan* ’yung ulo niya. Kailanman’y hindi na siya kailangang hagupitin pa. Kailanma’y hindi na kailangang sabihin pa sa kanya kung ano ang gagawin. Kaya sinabi nung broker, “Gusto kong bilhin ang aliping *iyon*.”

Ang sabi nito, “Hindi siya ipinagbibili.”

Ang sabi niya, “Gusto ko sana siyang bilhin.”

Sabi nito, “Hindi maaari. Hindi siya ipinagbibili.”

Sabi, “Siya ba ang pinuno sa kanilang lahat?”

Sabi, “Hindi.” Sabi, “Hindi siya ang pinuno. Alipin siya.”

Sabi niya, “Buweno, siguro iba ang ipinapakain n’yo sa kanya kaysa sa ipinapakain n’yo sa lahat ng iba pa sa kanila.”

Sabi, “Hindi. Kumakain silang lahat doon sa kusina ng barko, nang magkakasama.”

Sabi niya, “Ano ba ang nakapagpapaiba nang labis sa batang iyan kumpara sa lahat ng iba pa sa kanila?”

Sabi nito, “Heto ang isang bagay. Saglit nga akong nagtaka, rin. Pero ang batang iyan, isang dayuhang taga-Afrika, pero doon sa Afrika ang kanyang ama ang hari ng tribo. At, ganun pa man, isa siyang dayuhang malayo sa tahanan. Siya ay umaastang parang anak ng isang hari. Alam niya na, sa ibayo ng lupain, na ang kanyang ama ang hari ng tribo. At ngayon nga ay umaasta siya, dahil alam niyang anak siya ng isang hari.”

<sup>72</sup> Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ikaw at ako, sa mundong ito na ginagalawan natin, kumilos tayong gaya ng mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Tayo’y mga dayuhan dito, ngunit ang asal natin ay dapat lamang na naaayon sa mga kautusan ng Diyos, na tayo’y mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Ang asal natin, dapat tayong kumilos at gumawa, at lahat na, ayon sa kung ano ang mga kautusan na ipinahayag ng Diyos.

“At karumal-dumal para sa isang babae ang magsuot ng damit na panlalaki.” Mali iyon at makasalanan, “Ang pagupitan niya ang kanyang buhok,” sinabi ng Biblia na ganun nga, “bagay na hindi marapat sa kanya ang kahit manalangin.”

Sasabihin mo, “Paano naman *ito*?”

<sup>73</sup> May sumawata sa akin; isang dakila’t, kilalang ministro, hindi pa katagalan. Ang sabi, “Kapatid na Branham, halika. Gusto kong ipatong ang mga kamay ko sa iyo.” Sabi, “Sisirain mo ang ministryo mo.”

Sabi ko, “Ano?”

Sabi, “Yung pagsabihan nang matindi ang mga tao nang ganyan.”

Sabi ko, “Sinasabi ko sa . . .”

Sabi, “Naniniwala ako diyan.” Sabi, “Ako’y Pentecostal, din. Naniniwala ako na ang mga babae ay hindi dapat maikli ang buhok, hindi dapat maglagay ng kolorete, at nitong mga bagay na kagaya niyan tulad ng ginagawa nila, pintahan ang kanilang mukha.” Sabi, “Hindi nila dapat gawin iyon. Pero,” sabi, “tinawag ka ng Diyos upang manalangin para sa mga maysakit.”

Sabi ko, “Tinawag Niya ako para ipangaral ang Ebanghelyo.”

At sabi niya, “Naniniwala ako sa ganyan. Pero,” sabi, “iniisip mo ba *iyon*?”

Sabi ko, “Oo. Tingnan mo kung anong meron kayo, lahat ng malalaking mga programang ito, mga telebisyon, at lahat ng iba pa. Wala nang iba pa kundi sa Diyos ako mananagot.” Tama ‘yan. Sabi ko, “Wala nang iba pa kundi sa Diyos ako mananagot.”

Sabi niya, “Ako—ako—ako . . . Sisirain mo ‘yung ministryo mo.”

Sabi ko, “Anumang ministryo na sisirain ng Salita ng Diyos, ay dapat lang na masira.” Tama ‘yan. Sigurado. Ganun nga iyon.

Sabi niya, “Buweno, sisirain mo nga iyon.”

74 Sabi ko, “Sino na ang magsasabi Nito kung gano’n? Kita mo? Kailangang may magsabi Nito. Kailangang may manindigan para sa kung ano ang Katotohanan, maging ano pa man ang masaktan Nito.” At mga kaibigan, bilang Cristiano, bilang mga taong naniniwalang mapupunta tayo sa Langit, ang Espiritu Santo Mismo ay ititipo tayo sa Salita ng Diyos.

Sabi niya, “Alam mo ba kung ano’ng dapat mong gawin?” Sabi, “Naniniwala ang mga tao na isa kang propeta.” Sabi, “Dapat mong ituro sa mga kababaihang ito kung paano magkaroon ng mga kaloob ng propesiya at mga bagay-bagay na kagaya niyan, at mga dakila’t, higit na mataas na mga bagay sa halip na maliit na bagay.”

75 Sabi ko, “Paano ko naman sila tuturuan ng algebra samantalang ayaw nga nilang matutunan ang kanilang ABAKADA? Samantalang ayaw nga nilang gawin ‘yung pangkaraniwang bagay, kita mo, ‘yung natural na bagay, paano mo masasabi sa kanila ‘yung matataas na mga bagay?” Samantalang ayaw mo ngang magsimula sa . . . Gusto mo nang makarating sa tuktok ng hagdan bago ka pa man makatuntong sa una. Iyan ang dahilan kung bakit ka nahuhulog. Kita n’yo?

Magsimula ka sa ibaba, at umakyat nang tuluy-tuloy habang ginagabayan ka ng Diyos papataas. Kita n’yo? Iangkop mo ang iyong buhay at laging sundin ang bawat munting piraso ng Salita na itinalaga ng Diyos sa iyo na gawin mo.

76 Ngayon isipin nga kung paanong ang Diyos. . . Dapat tayong umasal at kumilos na gaya ng mga Cristiano. Ang pag-uugali natin ay dapat na tulad sa mga Cristiano. Sapagkat, tayo’y mga dayuhan dito. Hindi ito ang Tahanan natin. Hindi. Inilagay lamang tayo rito, pansamantala. Kailangan nating umalis, bawat isa sa atin, sa gabing ito.

77 Ngayon isipin. Kung ang Diyos, sa Kanyang awa, ay may inilagay sa ina, bago isilang ang munting sanggol, may bitamina itong hinahangad nang matindi, at nangungusap ang mga salita ng ina, “Tay, ako—ako—gusto ko ng milon, o kaya’y pakwan. May gusto ako, isa pa.” Iyon ay wala sa . . . Aba, gagawin niya ang lahat ng makakaya niya, para makuha iyon, dahil alam niyang gusto niya na maisilang nang sadyang normal ang kanyang anak. Kita n’yo? At gagawin niya ang lahat ng kaya niyang gawin, para makuha iyon.

78 Gaano pa kaya Siya higit na may kakayahan, na makuha iyon! Siya’y isang Manlilikha. Ngayon isipin n’yo kung gaano Siya may kakayahan, na ipaghanda tayo ng isang katawan, na mabubuhay na tulad ng Sarili Niyang maluwalhating katawan, kung gusto nating mabuhay. May kung ano sa loob natin, na

tumatawag, para mabuhay. At may kung ano sa loob natin na tumatawag para gawin ang tama. Pagkatapos ang Diyos ay may tatawagin sa entablado, o sa pulpito, na ipangangaral ang buong Katotohanan. Bakit? Kita n'yo? Ipinapakita kayo nito. Pagkatapos, kung kayo nga'y isang tunay na anak ng Diyos, nagsisimula kayong sumigaw ng, "Diyos, alisin Mo po *ito* sa akin. Ako po'y tuliin mula *rito*. Alisin po sa akin ang mga bagay na *ito*." Bakit? Kailangan iyon sa inyong makalangit na Tahanan na inyong patutunguhan, kung saan Siya pumaroon upang maghanda. Kailangan n'yong maging isang tunay na Nobyang Salita ni Cristo.

<sup>79</sup> Nangangaral ako ilang gabi na ang nakararaan tungkol sa hain, noong panahon ng pagtubos. Nangangaral ako tungkol sa tanging dako na ang Diyos, ang tanging Iglesya kung saan makikipagtagpo ang Diyos sa isang tao, at iyan ay, ang sabi Niya, sa dakong pinaglagyan Niya ng Kanyang Pangalan. Sinabi Niya, "Hindi Ko sila kakatagpuin sa kahit ano pa mang dako kundi sa dako, sa pintuan na paglalagyan Ko ng Aking Pangalan." Ngayon, hindi Niya kayo kakatagpuin sa pintuang Methodist, pintuang Baptist, o pintuang Pentecostal, o alinman sa kanila. Kundi inilagay Niya ang Kanyang Pangalan sa Kanyang Anak. Sinabi Niya, "Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama."

Sinumang tao'y pumaparito, at sinumang anak, ay pumaparito sa pangalan ng kanyang ama. Siya. . . Pumaparito ako sa pangalan ng isang Branham, dahil isang Branham ang aking ama. At pumaparito kayo sa pangalan n'yo dahil iyon ang pangalan ng inyong ama.

At si Jesus, ang Anak, ay pumarito sa Pangalan ng Ama. At sinabi Niyang inilagay Niya ang kanyang Pangalan, "Sa pintuang ito na pinaglagyan Ko ng Aking Pangalan, na siyang hain." At na kay Jesus Cristo ang tanging dako kung saan ninyo kailanman matatagpuan ang pakikisama at pagsamba sa Diyos.

Sasabihin mo, "Buweno, kaanib ako sa iglesya." Iyan ay walang napag-iiba ni isang bagay. Kailangan mong maging na kay Cristo.

May isang ministrong taga-denominasyon, nung isang gabi, na nagsabi sa akin, sabi, "G. Branham, tingnan mo *rito*. Sinabi ni Jesus, 'Ang sinumang sumasampalataya.' Ang sabi ng Biblia, 'Ang sinumang sumasampalataya na si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos, ay ipinanganak ng Espiritu ng Diyos.'"

<sup>80</sup> Sabi ko, "Hindi ba't sinasabi rin ng Biblia, na, 'Walang makapagsasabi na si Jesus ang Cristo, kundi sa pamamagitan lamang ng Banal na Espiritu?'" Kita n'yo? Hindi n'yo pwedeng papagsinungalingin ang Biblia. Kailangang nakakawit iyon nang tamang-tama.

Kaya kailangan n'yong ganap na maipanganak muli, ng Espiritu Santo sa loob ninyo, na nagpapatotoo sa labas, kayo

mismo, alam ninyo na Siya ang Anak ng Diyos. At pagkatapos kung kayo nga, at isang bahagi; kung kayo nga'y isang anak ng Diyos, na nasa Salita ng Diyos; papaano ninyo magagawang tanggihan ang Salita? Papaano kayo mapapaniwala ng Espiritu Santo sa isang kredo, na kailangan ninyong gumawa ng isang bagay na tulad *nito*, samantalang iba naman ang sinabi ng Biblia? “Kailangan nating umanib sa isang iglesya, at gawin *ito*, o gawin *iyang*,” samantalang malinaw na sinasabi sa inyo ng Biblia kung ano ang gagawin? Kita n’yo? At pagkatapos kapag nakita n’yo Iyan, at inyong tanggapin agad Ito, nasa kinalalagyan na kayo Nito mismo kung gano’n. Basta nagpapatuloy lamang, at sadyang lumalago.

Katulad ng isang—isang—isang binhi na tumutuloy sa loob ng sinapupunan ng isang babae na may taglay na itlog. At pagkatapos kapag nagsimula nang mabuo ang itlog na iyon, at nagsimulang maglabas ng mga binhi, hindi nito isinasangkap ang isang binhi ng tao, saka isang binhi ng aso, at isang binhi ng baka. Isinasangkap nito ang buong binhi ng tao.

<sup>81</sup> At kapag ang isang anak ng Diyos, kapag ang itinalagang iyan. . . Hindi magandang gamitin ang isang salitang iyan, pero ang Diyos iyon. Heto ang Biblia ng Diyos. Ang paunang kaalaman ng Diyos ay kayang magtalaga, pagalawin ang bawat bagay sa ikararangal Niya. Kapag ang itinalagang binhing iyan, na magiging ikaw, at tinawag ka ng Diyos, at ang munting agilang binhi na iyan na naririyang ay narinig ang Salita ng Diyos, magpupundasyon ito sa ibabaw, isang Salita paibabaw sa isa pa, sa ibabaw ng isa pa, sa ibabaw ng isa pa. Hindi ito hahalo sa anumang kredo.

<sup>82</sup> Pansinin. “Sa loob ng mga pintuang ito, araw-araw, ay kailangan nilang kumain ng bagong kosher. At walang masusumpungang lebadura sa kanila, sa buong pitong araw.” Tama ba ‘yan? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang pitong kapanahunan ng iglesya, noon, walang lebadura, walang kredo, walang anumang idinagdag. Iyon ay kailangang tiyak na tinapay na walang lebadura talaga. “Walang masusumpungang lebadura sa inyo, sa anumang paraan.” Basta isang lebadura lamang, ang Salita Mismo, tanging iyon lamang. At ang Salita na iyan ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Diyos, sa Katauhan ni Jesus Cristo, na, iyan ang Pintuan. “Hayan ang Pintuan kung saan Ko kayo kakatagpuin, sa pagsamba, kapag inyong sinusunod ang mga utos ng Diyos.”

<sup>83</sup> Kaya, kung ikaw nga, sa gabing ito, lumapit ka lamang, sabihin, “Iniaalay ko kay Jesus Cristo ang buhay ko,” at hindi mo pa kailanman natanggap ang Banal na Espiritu; pumasok ka Rito. Dapat mong gawin iyon. Dapat kang lumago Rito. Hilingin sa Diyos na magsalansan ng Salita sa Salita, nang paganyan, hanggang sa ikaw ay maging ganap na kapuspusan ng isang anak na lalaki ng Diyos, o isang anak na babae ng Diyos.

Dinadala ang mga bagay ng sanlibutan? Sinasabi ng Unang Juan, “Kung iniibig ninyo ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, iyon ay dahil wala nga sa inyo ang pag-ibig ng Diyos.” Kayo ay nadaya. Taglay n’yo rian ang pag-ibig sa sanlibutan, at nalinlang kayo nito, ginawa nga ng Diablo, sa pamamagitan ng pagpapatung-patong ng mga bagay diyan, at ipinapakita. Kita n’yo? Hindi n’yo maaaring... Buweno, samakatwid, hindi n’yo maaaring alisin ang isang Salita ng Diyos sa Biblia.

Ano ang nagdulot ng unang kasalanan? Hindi sa pamamagitan ng isang malaking tahasang kasinungalingan lamang, kundi dahil si Eba ay nagkamali ng pakahulugan, ginawa nga ng Diablo sa kanya, sa isang Salita. Isang Salita, sinira ang kadena, at tumangging tanggapin ang isang Salita. Iyan ang pasimula ng Biblia.

Dumating si Jesus sa kalagitnaan ng Biblia. Sinabi Niya, “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.” Iyan ang buong Salita ng Diyos. Naniniwala ba kayong *Iyan* ang kapahayagan Niya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang buong Salita ng Diyos.

Pagkatapos, sa Apocalipsis 22, naparoon si Jesus kay Juan, sa isla ng Patmos. At si Jesus, “Akong si Jesus ay nagsugo ng Aking anghel upang magpatotoo ng mga bagay na ito.” Kita n’yo? “Kung ang sinuman ay mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito, aalisin Ko ang kanyang bahagi sa Aklat ng Buhay.”

<sup>84</sup> Hindi lang basta nagsasabi, “Buweno, ako—ako’y sumasampalataya kay Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos.” Ayos lang ‘yan. Saka idagdag ang lahat ng iba pa Nito rito. Sasabihin mo, “Inaring-ganap na ako. Ibinibigay ko ang kamay ko sa ministro. Sumasampalataya ako kay Jesus Cristo.” Pagkatapos kailangan mong maipanganak na muli. Dapat kang mapuspos ng Banal na Espiritu. Kita n’yo? Basta lumago lamang nang lumago, habang nagpapatuloy ka. Ikaw ay lumalago tungo sa kapuspusan ng isang anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Naku!

Ang Diyos, kaya tayong ipaghanda, at ibigay sa atin ang matinding paghahangad na iyan sa ating buhay, na may gusto tayong makita. Ilan sa mga naririto ang naghahangad pang lalo sa Diyos? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Aba, ipinapakita lang nito na may lalong marami pa para sa inyo. Kita n’yo? Hinahangad n’yo ito nang matindi. Ang inyong mumunting mga paghihirap sa panganganak ay nagsisimula nang dumating. Kita n’yo? Kayo ay nangangailangan pang lalo, nang sa gayon ay maging masaya tayo, at malaya, at sakdal. Kailangan nating maging gano’n.



<sup>85</sup> Katulad ng—ng munting—ng munting binhi ng buhay na nasa...nasa sinapupunan ng Diyos, parang kagaya, at ang binhi ng buhay ay nasa si-...nasa sinapupunan ng ina. Ang Diyos ay lumalaki; at pumaparoon, pumaroon na, upang ihanda ang lugar para sa atin, ang Walang Hanggang lugar kasama ang Kanyang Sarili; hindi isang lugar kung saan may isang pesthouse, naghihingalo, kasalanan, pangangalunya, at karumihan ng sanlibutan dito. Kung ang pag-iisip mo ay nasa ganyan, ipinapakita niyon na hindi pa nito nakakatagpo ang Diyos. Kita n'yo? Gawa-gawa mo lang iyon. Isang ilusyon ng isip ang nasa iyo.

Nakikimiyembro ka lang sa iglesya at sinasabing, “Buweno, kaanib ako sa *ganito*. Kaanib sa *ganyan* ang nanay ko.” Maaaring ayos lang iyan noong panahon ng iyong nanay, pero tayo ay nabubuhay sa ibang panahon.

<sup>86</sup> Ang mensahe ni Wesley ay hindi kailanman naging... Sadyang hindi niya maaaring dalhin ang kay Luther. Naniwala si Luther sa pag-aaring ganap, ngunit ang kay Wesley ay pagpapabanal. Dumating naman ang mga Pentecostal, hindi nila matanggap ang pag-aaring ganap lang, ang pagpapabanal. Sila, iyon ay panahon na para sa pagpapanumbalik ng mga kaloob. Ngayon papasulong na tayo mula ryan. Kita n'yo?

Ang tatlong yugto ng—ng Punong-halaman na tumutubo. Ang una, ito'y isang maliit na usbong, lumitaw si Luther, mula sa repormasyon. Siyanga. Iyan 'yung tangkay. Masdan ang kalikasan. Ang Diyos at ang kalikasan ay kumikilos nang walang humpay, dahil ang Diyos ay nasa kalikasan. Kita n'yo? Ang sunod na dumating, ang uhay, ang polen, ang panahong Metodista. Pagkatapos ay dumating ang Pentecostal, oh, naku, sadyang tamang-tama, kita n'yo, tulad ng ang isang butil ng trigo ay mukha talagang trigong-trigo, butil ng trigo. Buksan mo ito, walang trigo doon, wala talaga. Ito ay isang talukap, isang tagapagdala Niyon, subalit ang Buhay na iyan ay patuloy na kumikilos doon. Kita n'yo?

<sup>87</sup> Silang mga naroon sa panahon ni Luther ay tanggap si Luther. Ang Buhay na iyan ay dumaloy sa loob, ngunit lumabas ito at naggrupo-grupo. Ang unang bagay alam n'yo, naging isang makadenominasyon lang na ang kahihinatnan ay ang sunugin. Kita n'yo? Ang tangkay ay natutuyo; ay isang tagapagdala lamang. 'Yung iba sa kanila ay nagpupumilit pa ring manatili diyan sa lumang tagapagdalang tangkay, walang alam tungkol sa Diyos, patay. Sinasabi nila, “Buweno, tingnan n'yo, isa kaming dahon. Isa kaming Luther.” Tama 'yan. Pero tingnan n'yo kung nasaan na ito ngayon. Kita n'yo?

“Isa kaming Methodist.”

At maging 'yung, “Isa kaming Pentecostal.” Pero tingnan n'yo ang Pentecostal, kung gaanong papalamig at papapormal na

ito, kung paanong ang bawat isa'y lumalayo na. Kita n'yo? Ano ba ito? Ito ay isang tagapagdala ng tunay na Binhi. Kita n'yo? Itong lahat ng iba pa ay tagapagdala, pero nagdenominasyon. Kung sinasabi mo, "Pentecostal ako," walang ipinagkaiba iyan sa Diyos kung ang sinabi mo man ay isa kang Romano Katoliko o isang Judio, o maging ano ka pa man.

<sup>88</sup> Kailangang maisilang ka, 'yung Buhay na iyan na dumaloy sa loob nung tagapagdalang naririyang. Huwag manatili sa tangkay. Huwag manatili sa binhi. Magtuluy-tuloy palabas sa bahaging buong-buo na.

<sup>89</sup> Ngayon, tandaan, at bawat repormasyon na nagkaroon tayo, sa lahat ng mga Lutheran na iyon at iba pa, sa loob ng tatlong taon ay nag-oorganisa sila. Tama 'yan. Bawat rebaybal ay nagpasibol ng isang organisasyon sa loob ng tatlong taon.

Isipin n'yo kung gaano na katagal itong nagpapatuloy, dalawampu't-ilang taon na, at walang organisasyon. Bakit? Ito'y ang Binhi, na paparating, nabubuo sa loob ng talukap, tulad *nito*. Nakabilad, ngayon ay kailangang nakalantad ito sa Presensiya ng Anak, upang mahinog na maluwalhating butil kagaya nung Isa na pumasok sa una. Ang tunay na Iglesya na bumaba, noong una, ay bumabalik na paakyat sa loob ng tangkay, para lumitaw, na isa pang Iglesya, kapag dumating na ang makinang pang-ani at panggiik para kunin Ito. 'Yung Buhay na bumaba sa Luther, 'yung Buhay na bumaba sa Methodist, 'yung Buhay na bumaba sa Pentecostal, ay papasok sa butil. Lahat ng iyon ay tuluy-tuloy na papasok sa butil, at lalabas, na binubuo ang sakdal na Katawan ni Jesus Cristo.

<sup>90</sup> Katulad ng sumisikat ang araw, sa umaga. Wala kang makikitang kahit anong kalikasan kundi 'yung nagpapatotoo tungkol sa Diyos. Ni hindi mo nga kailangan ng Biblia, para malaman na may Diyos. Ang munting araw na ipinanganak, isang maliit na sanggol na mahina. Mga alas-siyete, lalakad na, papasok sa eskuwela. Alas-diyes o alas-onse, nakalabas na ito. Alas-dose, ito'y nasa kainitan na nito. Alas-tres ng hapon, papatanda na ito. Pito o walo, anim. . . Alas-singko o alas-sais ng hapon, papahukot na siya. Namamatay na ito. Iyan na ba ang katapusan nito? Hindi. Muli itong nabubuhay kinaumagahan. Ang buhay, kamatayan, paglilibing, pagkabuhay na mag-uli!

<sup>91</sup> Masdan n'yo ang pagsulpot ng mga dahon sa mga puno. Ito'y sisibol, na isang malusog, walang-sirang dahon; magbibigay ng lilim; maglalabas ng bunga nito. Sumunod, bigla mo na lang mamamalayan, darating ang taglagas, tatamaan ito, kamatayan; agad-agad na bababa sa ugat, sa ilalim na naman ng lupa. Iyan na ba ang katapusan nito? Sa susunod na tagsibol ay babalik na naman siya agad para magpatotoo. Oh! Iyan ang walang-katapusan ng buhay.

Pero, kapatid na lalaki, kapatid na babae, meron tayong Buhay na Walang Hanggan. Nagkaroon tayo ng Buhay na Walang Hanggan sa pamamagitan nitong dakilang Isa Na dumating, pumaroon na, may kakayahang ipaghanda tayo ng isang katawan. At itong mga tumitinding hirap na nararamdaman natin, katulad n'yong mga kababaihan na nararamdamang nahahatulan sa inyong ginagawa, kayong mga kalalakihan na nangungunyapit sa mga doktrina ng seminaryo, at iba pa, gusto n'yong lahat sabihin, "Ako—aking binibigkas ang kredong ito. Ginagawa ko *ito*." Ngunit may kung ano sa mismong kaloob-looban ninyo, kapag nakikita n'yong nabubuksan ang mga mata ng mga bulag; ang mga bingi ay nakakau- . . . bulag. Itong lahat ng mga bagay na ito na ipinangako. Makita ang Salita na ipinangaral sa kapangyarihan Nito. Makita ang isang babaeng nagbebenta ng aliw, mula sa kalsada, ginawang isang mahinhing dalaga. Makita ang isang—makita ang isang lasenggo na lumabas doon, at naging isang tunay na banal ng Diyos. Naku! Kita n'yo? Mayroong bagay, Buhay na naroroon. At nagsisimula kayong makaramdam, "Buweno, siguro hindi ko dapat gawin iyon." Pero, kita n'yo, kung ano iyon, iyon ay bagay na kailangan ng inyong Katawan doon. "Halikayo." Ngunit ang Diyos ay may mga bitamina na *Dito* mismo para sa bawat katiting na piraso ng Katawang iyan. Si Jesus ay pumaroon na upang ihanda ang lugar sa sinapupunan ng Diyos; siyanga, po, isang munting binhi, anak na lalaki ng Diyos, munting anak na lalaki o anak na babae ng Diyos.

<sup>92</sup> Isang bagay lang ang hiniling ni Jesus, sa Kanyang panalangin sa Ama. Alam n'yo kung ano iyon? Isang bagay, matapos ang lahat ng Kanyang pagsasakripisyong ginawa rito sa mundo, ang buhay na Kanyang ipinamuhay, ang daan na Kanyang tinahak. Isang bagay ang hiniling Niya, "Na saan man Ako naroroon, ay maparoon din naman sila." Hiniling Niya ang ating pakikisama. Iyan lamang ang tanging bagay na hiniling Niya sa Ama sa panalangin, ang inyong pakikipagsamahang magpakailanman. Kung gusto n'yong basahin ito sa San Juan 17, ika-24 na talata. Kung gano'n gaano natin Siya dapat na hangarin? Kung hinahangad Niya . . .

Ngayon makinig. Kung ikaw nga ay totoong ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, iyan ay pinakamahalaga sa iyo. Kita n'yo? Hindi ito kung anong libro ng mga patakaran. Hindi mo ipinamumuhay ang anumang mga kautusan at iba pa. Ikaw ay nabubuhay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa Espiritu ng Diyos.

<sup>93</sup> Madalas ko itong sabihin. Bilang isang misyunero, nagpupunta ako sa ibang bansa. Ano kaya kung isinama ko ang maybahay ko, ang mga anak ko, "Oy makinig kayo, mga anak! Makinig ka rito, Gng. Branham! Ako ang asawa mo. Huwag kang magkakaroon ng ibang mga asawa habang wala

ako. Kapag ginawa mo nga, babalatan kita pag-uwi ko”? Uh-huh. Kita n’yo?

Idadabog ang paa ko, “Mga anak, naririnig n’yo ba’ng sinasabi ko?”

“Oho. Opo, papa. Opo, papa.”

“Makarinig lang ako sa inyo ng isang pagsuway? Kita n’yo?” Kita n’yo? Ngayon, iyan ba’y magiging isang tahanan nga kaya?

Ngayon paano kung sabihin niya, “Ngayon, tapos ka na po ba, ginoo? Ngayon may gusto akong sabihin sa iyo. G. Branham, ako ang legal na asawang pinakasalan mo! Huwag kang magkakaroon ng iba pang mga girl friends habang wala ka, rin”? Ngayon, iyan ba’y magiging isang tahanan nga kaya? Ngayon, magiging isang kung anong bagay ‘yan.

Hindi namin ginagawa ‘yan. Mahal ko siya, at mahal niya ako. Kapag alam niyang aalis ako, alam niyang hindi ako tumutuloy maliban kung pinapupunta ako ng Panginoon. Lumuluhod kami sa sahig, at pinapasama ang mga bata. Nananalangin kami. Sabi ko, “Mahal na Diyos, alagaan Mo po ang aking munting kabiyak, ang mga anak ko.” Sinasabi nila, “Diyos, alagaan Mo po si daddy habang wala kami, habang wala po siya.” At pagkatapos kapagka nagpupunta kami doon sa . . .

<sup>94</sup> Ngayon, ano nga kaya kung may ginawa akong hindi tama dun sa banda roon? Ano nga kaya kung magtaksil ako, may gawing hindi tama? At babalik ako at pupuntahan ang aking kawawang munting maybahay na iyon, tumayo doon at tingnan ang mukha niyang nangungulubot na, at ang buhok niyang nagiging kulay-abo na, lumapit ako at sinabing, “Honey, may gusto akong sabihin sa iyo. Alam mong mahal kita.”

“Oo naman, Bill, alam kong mahal mo ako.”

<sup>95</sup> “Sasabihin ko sa ‘yo ang nagawa ko. May iniuwi akong babae.” Ako—sasabihin ko, “Maaari bang patawarin mo ako sa nagawang iyon?” Naniniwala akong gagawin nga niya. Talagang naniniwala ako. Pero gagawin ko ba iyon? Kapag tumingin ako, nakatayo doon, makita ‘yung mga buhok na nagiging puti na, at alam na siya’y tumayo sa pagitan ko at ng publiko, at alam ko kung gaano siya naging isang tunay na maybahay, magagawa ko ba iyon? Ako—mas gugustuhin ko pang mamatay kaysa saktan siya. Mas gugustuhin ko pa.

At kung iyan, sa pag-ibig na fileo sa aking maybahay, gaano pa kaya lalong nakahihigit ang aking pag-ibig na agapao sa Diyos! Oh, hindi ako gagawa ng maski anong makakasakit sa Kanya. Tiyak na hindi. Ako—mahal ko Siya. Nais kong gawin ang lahat ng Kanyang—Kanyang nais ipagawa sa akin. Gusto kong umangkop sa bawat Salita na Kanyang sinabi, maging ano pa man ang sinasabi ng sanlibutan. Sila, hindi naman nila paniniwalaan Ito, paano’t paano man. Nais kong malaman kung

ano ang sinabi Niyang gawin ko. At kung may kulang man sa akin, nais kong ipagkaloob Niya iyon sa akin. At mabuhay para sa Kanya, inihihwalay ang ating mga sarili mula sa sanlibutan.

<sup>96</sup> Itong matandang katawan dito na ukol sa lupa ay umabot na sa ano nito. . . Hayaang sabihin ko sa inyo. Itong katawang ukol sa lupa na masyado ninyong inaalala, na iginagaya ninyo sa Hollywood. Malapit na malapit na kayo roon. Hindi na iyon magtatagal pa roon. Tandaan ninyo. Narinig na ninyo 'yung propesiya, kita n'yo, na ibinigay sa akin ng Panginoon, "Lulubog ito." Siyanga, po. Pansinin. Magiging ganun nga. Abangan n'yo lang. Ngayon, wala pa Itong sinabi sa akin na mali, wala pa. Panghahawakan ko 'yan sa kahit sinong gustong magsabi. Hindi ko alam kung kailan o saan, pero tapos na siya. Nakaabang na rito ang paghuhukom. Wala nang katubusan para dito; lumagpas na ito. Kita n'yo?

<sup>97</sup> Ngayon pansinin ito. Mabuhay para sa Kanya, na inihihwalay ang ating mga sarili mula sa sanlibutan. Ngayon tingnan n'yo. Tumitingin kayo sa telebisyon, 'yung iba sa inyo na mga kapatirang babae, at bumababa kayo rito at gusto n'yo, kayong mga kabataang babae. Mga bata pa kayo. Alam ko iyan. Pero kayo'y mga Cristiano. Kita n'yo? Iba kayo. Hindi n'yo gustong maging kagaya ng sanlibutan. Iniibig n'yo ang sanlibutan. Iyon ay hindi lang kayong mga bata; 'yung iba sa iyong mga mas nakatatanda. Kita n'yo? Buweno, ano'ng gumagawa niyan? Kita n'yo? Manonood kayo ng telebisyon, pupunta kayo sa bilihan, makikita ninyo itong mga kung anong klaseng damit na ito na sinusuot ng mga kababaihan, na hindi maka-Diyos.

Alam n'yo ba kung ano'ng mangyayari sa Araw ng Paghuhukom? Maaaring ikaw ay sadyang napakalinis sa iyong asawa, ngunit sa Araw ng Paghuhukom ay kakailanganin mong managot sa salang pangangalunya. Sinabi ni Jesus, "Ang bawat tumitingin sa isang babae na may pagnanasa ay nangalunya nang kasama nito sa kanyang puso." Sino ang dapat sisihin? Ikaw. Kita n'yo? Ipinakita mo ang sarili mo, 'yung mga shorts na iyon at slacks.

May babaeng nagsabi sa akin, hindi pa katagalan, sabi, "Hindi ako nagsusuot ng shorts, Kapatid na Branham. Pinasasalamat ko ang Panginoon para diyan. Nagsusuot ako ng slacks."

<sup>98</sup> Ang sabi ko, "Mas malala pa iyan." Mas malala pa iyan. Tama 'yan.

<sup>99</sup> Ni hindi ka na nga makabili pa ng isang damit, halos, para sa isang babae. Ang sabi niya, sabi ng isang babae, "Buweno, totoo 'yung sinabi mo. 'Hindi na nga. Hindi ka na nga makabili niyon.'" Pero nagtitinda pa rin naman sila nung mga produkto at

meron pang mga makina. Kita n'yo? Kaya walang mairadahan, wala talaga. Kita n'yo? Kita n'yo?

Ipinapakita lamang, kapatid. Ako'y kapatid n'yo. At ako'y isang lingkod kay Cristo, na kailangang managot sa Hukuman sa kung ano ang sinasabi ko rito ngayong gabi. Kita n'yo? Ikaw ay tatayo, na nagkasala ng pangangalunya, dahil sa ang pag-ibig ng Diyos ay tumagas na mula sa puso mo. Nagsisimba ka pa rin. Maaaring sumasayaw ka pa rin sa Espiritu. Maaaring nagsasalita ka pa rin ng mga wika. At ayos lang ang mga bagay na iyan, pero iyan ay hindi pa rin Iyon. Hindi, po.

<sup>100</sup> Alalahanin, sinabi ng Biblia, "Sa mga huling araw ay may magsisilitaw na mga bulaang Cristo," hindi mga bulaang Jesus. Hindi nila matatanggap iyan. Kundi, "mga bulaang Cristo," mga bulaang pinahiran. Sila ay tiyak na napahiran talaga ng Espiritu, ng Espiritu Santo, at bulaan pa rin. Kita n'yo? May dalawang. . .

<sup>101</sup> May tatlong tao patungkol sa iyo. 'Yung labas ay ang katawan. Meron kang limang pandama, na nakakaugnay mo ang iyong tahanan sa lupa sa pamamagitan niyan. Ang nasa loob ay isang espiritu. May limang pandama diyan, pag-ibig at konsensiya, at iba pa, na nakikipagkontak ka. Ngunit ang pinakaloob niyan ay ang kaluluwa.

<sup>102</sup> Tandaan, "Ang ulan ay bumubuhos sa mga matuwid at sa mga di-matuwid." Ang siya ring ulan na makapagpapatubo sa isang butil ng trigo ay nakapagpapatubo rin sa isang halamang damo. Kita n'yo? Ano ito? Sa loob ng binhing iyan ay may isang kalikasan, at iyang naghahayag ng kalikasan, inihahayag nito ang sarili. Magagawa nitong tumindig sa bukid ring iyon, doon mismo na kasama ang damo. Magkasamang nakatindig ang damo at ang trigo, nagagalak din nang parehong-pareho. Nakalungayngay ang ulo nito. Uhaw na uhaw na ito. Kapag dumating ang isang ulan, makakasigaw din ang halamang damo nang kasinglakas ng maisisigaw ng trigo. "Ngunit sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila." Kita n'yo?

<sup>103</sup> Mga Cristiano, maaaring hindi ko na kayo kailanman makita pang muli. Kita n'yo, maraming taon na mula nang makaparito ako. Maaaring hindi na kayo kailanman makita pang muli. Humanay kayo sa Salita ng Diyos. Tumingin sa salamin.

Katulad nung isang maliit na batang lalaki isang beses, matagal nang nakatira sa probinsiya, hindi pa kailanman nakakita ng salamin. Nagpunta siya sa bahay ng kanyang-kanyang tiyahin. Nagsimula siyang umakyat sa mga baitang. Nakakita siya ng isang salamin, at nakita niya sa salamin ang isang maliit na batang lalaki. Patuloy siyang umakyat papalapit, nakatingin. At—at kakaway siya, at kakaway 'yung maliit na batang lalaki. At panay ang tingin niya. Hindi pa niya kailanman nakita ang sarili sa salamin. Kaya nang makalapit na siya nang

husto rito, napalingon siya, ang sabi, “Aba, Nanay, ako po ‘yan a!”

<sup>104</sup> Ano’ng itsura mo, sa salamin ng Diyos? Ibinabalik ba nito ang imahe ng isang anak na babae o isang anak na lalaki ng Diyos? May bagay ba, na, naririnig mo Iyon, ito ba’y nakapag-uudyok na kamuhian mo ang taong nagsasabi Niyon? O kaya, may bagay bang humahatak, nagsasabi, “Alam kong tama ang taong iyan dahil nasa Kasulatan iyon?” Kung gano’n, iyan ang mga bitaminang kailangan para sa katawang ito na itinalagang maparoon, isang tahanan na kakailanganin ng isa pang iyon kapag nakarating ka na doon. Kita n’yo? “Ang tahananang ito; kung tinaglay natin ang isang ukol sa lupa.”

<sup>105</sup> Ngayon alalahanin, masyado nating iniisip ang katawang ito. Binibihisan natin ito ng napakaraming mga damit. Gumagawa tayo ng napakaraming mga bagay, na, hindi kailangan, sa bawat nagaganap na pagbabago, at lahat ng mga bagay na ito. At—at, naku, sadyang lahat naman.

Hayaan lang na may isang magsimula ng kung ano. Pinturahan mo ng pula ang hagdan mo at abangan ang mga Jones na pinturahan ang sa kanila ng pula. Palitan mo ng Ford ‘yung Chevrolet mo, at sadyang hindi nila matatagalan iyon. Oras na para makipagparisan. Hayaan mo ang. . . Papuntahin mo ang isang babae sa simbahan, may suot na isang partikular na klase ng sumbrero, abangang magkaroon niyan ‘yung lahat ng mga babae; lalo na ‘yung asawa ng pastor, kita n’yo, abangan lang kung ano’ng mangyayari. Ngayon, totoo ‘yan. Iyan nga ang ganap na katotohanan. Oras na para makipagparisan. Kapatid, dapat ngang maging oras na para makipagparisan. At lahat ng mga iyon—lahat ng mga bagay na iyon ay—ay para sa isang layunin.

Hindi mahalaga sa akin kung hindi kapares ng amerikana ko ‘yung pantalon ko. At nahihirapan ako. ‘Yung maybahay ko o ‘yung manugang kong babae, may isang tao, na kailangang sabihin sa akin kung anong klase ng—ng kurbata ang isusuot na kasama niyon. Ako—bagaman, wala naman akong pakialam kung magkapares sila. Gusto kong ang karanasan ko ay pumares sa Salita ng Diyos. Iyan ang kailangan, pagkat diyan ako naghahangad na mabuhay; hindi sa may kanto doon na kasama ng mga Jones, kundi doon sa Kaluwalhatian kung saan naroon si Jesus, pumaroon na upang ipaghanda tayo ng isang dakong kalalagyan. Oo, hinahangad natin iyan. Siyanga, po. Lumayo mula sa lahat ng ito.

<sup>106</sup> Itong matandang tabernakulong ito na ukol sa lupa, alam n’yo ba kung ano ito? Ang katawang ito ay parang isang lumang balabal na isinusuot mo, isang balabal na dati mong isinusuot. Pero ngayong meron ka nang isa na mas lalong mainam, hindi mo na ito ginagamit pa. Ano’ng ginagawa mo? Isinasabit mo

ito sa loob ng lagayan ng damit, dahil meron ka nang isang mas mainam. Meron kang isang mas mainam na balabal. Mas bagung-bago ito kaysa sa dating isinusuot mo, na sirang-sira na. Ano nga? Ito 'yung bihisang iyan. Ikaw 'yung nasa loob niyan diyen. Ano lang ang ginawa ng bihisang iyan? Tinaglay nito ang larawan mo. Kita n'yo? Pero hindi mo na ito kailangan pa ngayon. Isinabit mo na ito. Isa itong basahan.

At ganyan din nga itong matandang katawang ito, ikaw, tinaglay nito ang larawan ng ukol sa langit. Gayunman, hindi ito ikaw. Ikaw ay nasa loob ng katawang iyan. Ikaw, ang Espiritu ng Diyos, ay nasa loob ng katawang iyan. Iyan ang siyang gumagawa sa panlabas na magpasakop, dahil ang panloob ay hinihila ito, kita n'yo, iniaalinsunod ito sa Salita ng Diyos; ang panloob mo, ang iyong sarili mismo, ang katauhan mo.

Isang lumang balabal lamang ang katawang ito. At balang araw, ano'ng gagawin mo rito, dahil ikaw ay—ay nasa loob lamang panandali nung kasuotan? Iyan ay katulad ng makalupang kasuotan; ang katawang ito. Ang iyong—ang iyong totoong katawan, ang totoong sarili mo, ay nasa loob nitong lumang balabal na tinatawag mong William Branham, o kaya'y Susie Jones, o kung sino man ito. Kita n'yo? Balang araw ay isasabit ito sa bulwagan ng alaala ng mundo tungkol sa iyo. Ilalabas mo ito doon sa libingan, at may maglalagay ng isang lapida, "Dito'y nakahimlay si Rev. *Ganito-at-ganoon*, o si John *Ganito-at-ganoon*, o si *Ganito-at-ganoon*." Hihimlay ito roon bilang isang alaala sa iyo. Ikaw ay nakita lamang ng mga tao sa *ganito*. At kung ano ka, ang totoong ikaw, ay nasa loob niyan. Ngunit ang lumang balabal, mismo, ay "tinaglay lamang ang larawang ukol sa Langit."

Oh, kayong mga tao, nakapagpareserba na ba kayo para makapagpalit ng balabal? Nakapagpareserba na ba kayo para sa Langit? Tandaan, dapat kayong magkaroon ng mga pagpapareserba. Hindi kayo makakapasok nang wala ang mga iyon.

Kausap ko kayo sa modernong pananalita ngayon, na alam n'yo. Kung pupunta ka sa hotel, sasabihin, "Buweno, nasa akin ang . . ."

<sup>107</sup> "Nakapagpareserba ba kayo? Buweno, pasensiya na. Puno na po lahat." Ikaw ay nangangapa na sa wala, dahil hindi ka nakapagpareserba.

At kung umabot ka na sa dulo ng paglalakbay ng iyong buhay, nang hindi nakapagpareserba, doo'y walang Isang sasalubong sa iyo. Kailangan mong lumabas sa isang madilim na Walang Hanggan kung saan magkakaroon ng hiyawan, at iyakan, at tangisan, at pagngangalit ng mga ngipin. Kailangan mo nga. Hindi ka makakapasok sa Siyudad, ikaw, dahil hindi ka nakapagpareserba. Kailangan mong magkaroon ng mga



gano'n, upang makapasok sa Siyudad, kung saan pumaroon na si Jesus para maghanda ng isang dakong kalalagyan para sa iyo. Tandaan, dapat kang magpareserba, at 'yung damit ng kaligtasan, ay nakasuot. Hindi ka makakapasok.

<sup>108</sup> Sa Mateo, meron akong isang Kasulatan dito. Tinitingnan ko ang Kasulatan, Mateo, beinte-. . .22:1 hanggang 14. Wala akong oras para basahin ito, dahil papagabi nang masyado. Masyado nang mahaba ang naging pakikipag-usap ko, sa inyo. Ngunit alalahanin, ang hari ay nagsugo at naghanda ng isang hapunan. Pinatay niya ang lahat ng kanyang mga baka, at—at inihanda ang mga matatabang hayop at lahat na, nagpahanda ng isang malaking hapunan. At nagsugo siya, at marami siyang inanyayahang dumalo.

Ang sabi nung isa, “Naku e, alam mo, kung tutuusin naman, kaanib ako sa *ganito*.” “At meron akong *ganito*.” “Kailangan kong magpunta sa bukid ko.” At 'yung isa naman ay maraming ginawa. At muli siyang nagsugo, at sila ay kanilang labis na pinakitaan ng masama. At sa wakas. . .Iyon ang Judiong henerasyon, na kausap ni Jesus. Meron silang iba pang gagawin.

Pagkatapos, sa wakas, ay nagsugo siya, “At sabihin. . . Humayo kayo. Huwag lang. . .Basta pilitin sila. Pumaroon kayo sa mga daan at mga lansangan, at sa lahat ng dako, at pilitin silang magsipasok.” At pagkatapos niyon, siniguradong ang kanyang bahay ay. . .Ihahanda na ang kanyang hapunan ng kasalan. Magkakaroon ng mga panauhin doon.

At pagkatapos may natagpuan siyang isang tao doon sa loob na walang suot na damit pangkasalan. Gusto nitong manatili sa lumang balabal. At tingnan kung ano'ng sinabi niya. “Kaibigan, matapos kitang anyayahan sa aking hapunan ng kasalan, at inanyayahan kita at binigyan ng paanyaya na dumalo!”

<sup>109</sup> At kung nakapunta na kayo sa mga bansang Silanganin, na maraming beses na akong nakapangaral doon, iyang hapunan ng kasalan ay ipinagpapatuloy pa rin sa ganung paraan kagaya sa dati. Ang lalaking ikakasal, na, lahat, siya ay may napakaraming bisitang padadaluhin niya. Marahil, Kapatid na Kopp, napanood mo na siguro iyon doon sa India. Kita n'yo? Napakarami nilang mga bisita na kanyang aanyayahan; sabihing tatlumpung bisita ang aanyayahan niya.

Ngayon, kailangang mamigay ng mga damit pangkasalan 'yung lalaking ikakasal. Kailangan niyang ibigay ang mga iyon, kaya may isang lalaking nakatayo sa may pintuan. At darating kang dala ang paanyaya sa iyo. Sisiyasatin niya ang imbitasyon sa iyo at ipapasuot sa iyo ang isang damit, isang balabal. Nang sa gayon, 'yung iba sa kanila'y mayayaman, at 'yung iba sa kanila'y mahihirap, at 'yung iba sa kanila'y mga kakaiba, pero silang lahat ay magkakatulad ng itsura kapag naisuot na nila ang mga balabal na iyon. Silang lahat ay magkakatulad ng itsura.

At kailangang lahat kayo'y magkakatulad. Hindi ka magiging, magsasabi, "Ako 'yung Metodista sa banda *rito*. Ako 'yung Presbyterian sa banda *rito*." Naku, hindi. Hindi ka makakapasok, unang-una. Kita n'yo?

Kailangan mong dumaan sa Pintuan. Ang sabi ni Jesus, "Ako ang Pintuan sa kulungan ng mga tupa."

"Pentecostal ako. *Ganito* ako. *Ganyan* ako." Walang ibig sabihin 'yan ni isang bagay.

Dumaan ka sa Pintuang iyan. At kung dumaan ka sa Pintuang iyan, magkakaroon ka ng balabal.

<sup>110</sup> At ang lalaking ito, nang sabihin niya, "Paano ka nakapasok dito, kaibigan?" Kita n'yo?

Ipinakita niyon na dumaan siya sa ibang daanan, at pumasok sa isang bintana, dumaan sa likurang daanan, pero hindi sa pintuan; hindi sa Pintuan, sa daan na pinasukan ni Jesus, sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ng sarili; pagbibigay ng kalahat-lahatan mo sa Diyos, at paglakad sa Kalbaryo at mapako sa krus kasama Niya. At mabubuhay na mag-uli, upang isuot ang Kanyang balabal ng pagpapakasakit at kamatayan sa mga bagay ng sanlibutan.

<sup>111</sup> "Kung kayo ay umiibig sa sanlibutan, o sa mga bagay ng sanlibutan, ay wala man lang sa inyo ang pag-ibig ng Diyos." Kita n'yo? Kung ikaw ay meron pa ring pag-ibig sa sanlibutan, gustong kumilos na tulad ng sanlibutan, at makigaya sa sanlibutan; ikaw ay nagsisikap. . . ika'y. . . Ganun pa man, nasa loob ka ng iglesya, ngunit isang halamang damong kasama ng trigo sa kapisasong lupa; makikisigaw sa lahat ng iba pa sa kanila, makikipagsaya sa lahat ng iba pa sa kanila. Lahat ng espirituwal na biyaya ay nasa iyo na mismo.

Sasabihin mo, "Aba, nagpropropesiya ako." Gayon nga rin ang ginawa ni Caifas. Gayon nga rin ang ginawa ni Balaam. Iyan ay walang. . .

<sup>112</sup> "Natanggap ko na ang bautismo, ang Espiritu Santo." Wala pa ring kinalaman iyan dito. Iyan lang ay isang pansamantalang kaloob lang sa iyo.

Ang tunay na kaloob ay ang iyong kaluluwang naririyan sa loob, kita n'yo, na ipinanganak ng Diyos, at siyang nakapagpapasakop ng buong bagay sa Salita ng Diyos at sa kalooban ng Diyos. At diyan ay lumalaki ka, kita n'yo, kung gayon isa kang anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Isa kang anak ng Diyos. At ang mga bagay na ito, habang paparating ka. . . Katulad ng ina, ngayon ay nasa kaloob-looban ka ng lupa, nagsisikap lumitaw. Isa kang anak ng Diyos, na papasibol na, at nakikita mong sinasabi ng Salita, "Dapat kong gawin *ito*. Dapat akong ipanganak na muli."

“Buweno, kaanib ako sa iglesya.” Walang ibig sabihin iyan maski isang bagay. Kita n’yo?

“Methodist ako; ang nanay ko.” Mabuti iyan para sa iyong nanay.

<sup>113</sup> “Aba, naku, Pentecostal ako. Kaanib ako.” Iyan, kung hindi ka umaalinsunod diyan sa Salita, may kung anong mali. Kita n’yo? Kung gano’n, kita n’yo, ang tunay mong ama ay hindi ang Diyos. Kita n’yo? Sapagkat, iyang totoong pagsisimula sa iyong kaluluwa, bago pa man nagkaroon ng isang espiritu, ang iyong kaluluwa na iyon. Hindi galing sa Diyos ang kaluluwang iyon, kung gano’n hindi iyon isang binhi ng Diyos, unang-una. Nadaya ka. Ikaw ay nasa isang kapirasong lupang may mga damo at pinapatunayan sa mundo ang patungkol sa mga sumisibol na damo. Kumikilos na kagaya ng sanlibutan, umiibig sa sanlibutan, ay dahil wala sa iyo ang pag-ibig ng Diyos.

<sup>114</sup> At ngayon magkakaroon ng mga bulaang pinahiran sa mga huling araw, hindi mga bulaang Jesus. Hindi nila matatanggap iyan. Kundi, “bulaan,” pinahiran. Sila ay pinahiran, siyanga, po, ngunit sila’y anti-Cristo. Sila’y pinahiran ng Espiritu, para gawin ang mga tanda at mga kababalaghang ginawa ni Cristo, ngunit hindi hahanay sa Kanyang Salita. Kita n’yo?

“Marami ang lalapit sa Akin, sa Araw na iyon, at magsasabi, ‘Panginoon, hindi ba’t nagpropesiya ako, at nagpalayas ng mga demonyo, sa Iyong Pangalan?’”

Sasabihin Niya, “Lumayo ka sa Akin, ikaw na gumagawa ng katampalasanan. Ikaw ay ni hindi Ko kailanman nakilala.”

“Ako’y Pentecostal po noon, Panginoon. Luwalhati sa Diyos! Sumigaw po ako. Nagsalita ako ng mga wika. At nagpatong po ako ng mga kamay sa mga maysakit, at pinagaling sila, nagpalayas ng mga demonyo.”

“Lumayo ka sa Akin, ikaw na gumagawa ng katampalasanan. Ikaw ay hindi Ko kailanman nakilala.”

<sup>115</sup> Kita n’yo ang ibig kong sabihin? Oh, mga munting anak, nararamdaman ba ninyo ang pangangailangan sa bitamang iyan sa gaging ito, sa bagay na iyan? May isang katawang naghihintay sa ibayo roon. May isang katawang naghihintay na matanggap. Kayong mga tao, huwag kayong padaya. Huwag kayong padaya. Isang mandaraya ang Diablo. Maging ’yung —’yung damit pangkasalan, dapat n’yong isuot Iyon. Dapat ngang talaga.

<sup>116</sup> Ngayon tayo’y nasa panggabing oras na. Ang katawang-lupa ay nakahanda na ngayong masira, at naghahanda na tayong pumasok sa Panlangit. At nararamdaman na natin ngayon ang kakaibang pagtawag, ng Diyos, para magtungo sa dakilang Eden na ito. At bago tayo maisilang dito, ang mga munting katawan natin ay may bagay na masidhing hinangad na—na kailangang

maibigay, kung hindi ay magiging isang namimighating bata tayo rito kung hindi tayo nagkagano'n. Ang Diyos ay walang mga kapighatian doon sa itaas. Sila'y, bawat isa, nakalinya nang talagang tamang-tama, ang Nobya na kagayang-kagaya ng kung ano ang Nobyo, ang Salita na nahayag sa kapanahunan Nito. Nawa'y pagkalooban ng Diyos, sa gabing ito, mga anak, ang bawat isa sa inyo! May isang Langit na mapupuntahan. May isang impiyernong malalayuan.

<sup>117</sup> Ngayon, marami sa inyo ang nakakaalam na nabigyan ako ng Panginoon ng mga pangitain, libu-libong mga gano'n. Ang pinakadakilang bagay. . . Kinatatakutan ko dati ang kamatayan. Mga tatlong taon na ang nakararaan, nakita ninyo 'yung sa Christian Business Men, *Sa Ibayo Ng Tabing Ng Panahon*. Napagtatanto kong baka hindi na makatagal ang buhay ko sa buong gabing ito. Maaaring hindi ko na kayo makita pang muli sa buhay ko rito, pero totoo ito. Ako—hindi ko alam kung tatawagin ko itong isang pangitain, o kung ano ba ito.

Isang umaga, kamakailan lang, ako'y . . . Kagigising ko lang. Dumating ako galing sa mga pagtitipon. At nakahiga doon ang maybahay ko, natutulog. Ang sabi ko, "Honey, gising ka ba?" Tulog pa rin siya. Alam kong kailangan naming bumangon, para ihanda ang mga bata sa pagpasok sa eskuwela.

At inilagay ko ang mga kamay ko sa likuran ng ulo ko, nang *paganito*, at sinabi ko, "Buveno, aba, Bill Branham, alam mo bang lagpas singkwenta ka na? Ikaw, kung may gagawin ka para sa Panginoon, bilis-bilisan mo na, dahil wala ka nang sapat na panahon pa." Sa loob-loob ko, "Naku, sana nga buhay pa ako sa Pagparito ng Panginoong Jesus."

Laging nasa isipan ko iyon dati pa, na—na kapag namatay tayo, makikita ko, parang, itong kapatid *dito*. Sasabihin ko. . . "Oo, nangaral ka nga sa aking iglesia, isang gabi doon sa lupa, Kapatid na Branham." Pero siya—siya ay isang espiritu, hindi ko siya makakamayan, dahil ang kamay niya'y nasa labas doon sa libingan, naagnas na, kita n'yo; ang sa akin, din. Parang ganyan 'yung iniisip ko dati.

<sup>118</sup> Ngunit nang umagang iyon, noong, May naramdaman akong pumukaw sa akin. At sa loob-loob ko. . . Karaniwan, parang isang pangitaing dumarating. At tumingin ako, at ako—ako'y tumingin. Sa loob-loob ko, "Aba! Ano kaya ito?" At tumingin ako, isang napakalaki, na mga luntiang burol. At paparating ang mga kabataang babae mula sa lahat na, nang laksa-laksa, at daan-daang libo. At paparating nga silang lahat, nakalugay sa kanilang likod ang mahahabang buhok, nakasuot ng mga puting balabal, nakapaa, sumisigaw, tumatawag nang malakas, "Aming kapatid!"

119 Ako—naisip ko, “Ngayon, kakaiba ito.” Lumingon ako pakabila at tumingin. At naroon akong nakahiga mismo doon, at naroon ang maybahay ko, nakahiga doon sa kama. At sinabi ko, “Ngayon, alam mo ba kung ano? Namatay ako.” Sabi ko, “Iyon, iyon ang nangyari. Ako—ako’y namatay na.” At sinabi ko, “Inatake siguro ako sa puso, o kung ano. Namatay na ako. Hayun ang nakahigang katawan ko.” Nakahiga lang ako doon na nasa likuran ng ulo ko ang mga kamay ko, nang *paganyan*, sadyang naninigas. Sa loob-loob ko, “Walang dalawampung talampakan ang layo niyan sa akin.” At hayun nga ako, nakatingin. Sa loob-loob ko, “Iyan ay. . . Hayun ang maybahay ko doon. Hayun, nando’n ang lahat. Hayun ang kamiseta kong nakasampay doon sa poste nung highaan doon.” At sa loob-loob ko, “Nandito naman ako.”

120 At luminga-linga uli ako, at paparating na itong lahat ng mga kababaihang ito. At sila ay. . . Tumingin ako, papunta sa banda *rito*, at naroon paparating’yung mga lalaking kapatiran ko. Naku! Totoo sila. Lahat sila’y mukhang mga kabataang lalaki. Tumatawag sila nang malakas, “Minamahal naming kapatid!” Naku, hindi ko alam kung ano’ng iisipin.

121 Sa loob-loob ko, “Kakaiba ito.” Lumingon ako sa likod, at hindi ako isang lalaking matanda na. Nasa kabataan pa ako. Sa loob-loob ko, “Isang kakatwang bagay ito.” Naisip ko, “Isa kayang pangitain ito?” Kakagatin ko’yung daliri ko. At naisip ko, “Hindi. Hindi ito’yung klase ng pangitaing nagkaroon ako.”

122 Pagkatapos, doon, May nagsimulang kumausap sa akin sa itaas *dito*, at nagsabi, “Ikaw ay nakapasok na kasama ang iyong sambahayan.”

Naisip ko, “Kasama ang sambahayan ko? Mga Branham ba ang lahat ng mga ito?”

123 Sinabi Niya, “Sila ang mga napagbagong-loob mo kay Cristo.” At ang mga kababaihang ito. . .

Alam n’yo dati na akong ipinapalagay na, dahil nga sa kung tawagin nila ako’y “galit-sa-babae,” pero hindi ako ganun. Kita n’yo? Dahil, naniniwala ako. . . Ako—hindi ko gusto’yung imoral, hindi disente. Gusto ko’yung tunay, na totoong mga kapatirang babae kay Cristo. Kung ganyan nga, mabuti.

124 Nagkaroon ako ng mga pilat noong bata pa ako. Alam kong’yung mga bagay na nangyari ay medyo nakapagtulak sa aking maging ganyan. Pero iyon—ang Diyos lahat iyon, na binubuo, hinuhulma ako para sa oras na ito. Kita n’yo?

125 Sa palagay ko ang isang tunay, na totoong kapatirang babae, wala nang mas bubuti pa. Kung makapagbibigay man ang Diyos sa isang lalaki ng anumang mas mainam kaysa kaligtasan, bibigyan Niya ito ng isang maybahay. Kita n’yo? At kaya, samakatwid, kung makapagbibigay nga Siya ng anumang mas mainam, nagawa Niya na sana iyon. At pagkatapos ang makita

'yung iba sa kanilang nagsisitalikod at ni hindi nga kumikilos na gaya ng isang maybahay, hindi tapat sa kanilang mga sumpaang sa kasal, tapos ganun din 'yung kanilang mga asawa. Tandaan, habang kayo'y nabubuhay ay nakatali kayo, sa isa't isa. "Ang pinag-isa ng Diyos sa lupa, ay pinag-isa din naman sa Langit." Kita n'yo?

<sup>126</sup> At kaya nga noon ako—aking nakita iyan. At patakpong nagsisilapitan ang mga kababaihang iyon at ikinukulong ako sa kanilang mga bisig, at inaakap ako, at tinatawag akong, "Kapatid!" Ngayon, sila'y mga babae, subalit hindi kailanman magkakaroon ng kasalanan sa lugar na iyon. Kita n'yo? Sila'y mga babae. Pero, kita n'yo, ano'ng bumuo sa atin ngayon, isang babae na may isang—isang glandula, isang pambabaeng glandula, at isang lalaking may panlalaking glandula, ito'y para sa pagpapalaki ng mga anak. Doon ay hindi na magiging ganoon. Silang lahat ay magiging isang glandula, ngunit magiging ganoon pa rin sila sa anyo. 'Yung panlupang larawan na tinaglay nila rito ay mapupunta doon, ngunit hindi na kailanman magkakaroon pa ng kasalanan. Magkakatulad kayong lahat. Wala nang mga anak na palalaking doon. Kita n'yo? Tama 'yan. Iyon ay magiging ganoong lahat. At kaya tumingin nga ako, at ang lahat ng mga kababaihang iyon.

<sup>127</sup> At binuhat nila ako. Itinaas ako ng mga kapatirang lalaki sa isang puwesto. Sabi ko, "Bakit n'yo ginagawa ito?"

Sinabi Niya, "Sa lupa ay isa kang pinuno noon." At sinabing—at sinabing, "Ikaw . . . Ito ang mga tao."

<sup>128</sup> At may isang babaeng lumapit. Ang sabi niya, "Minamahal naming kapatid." Pagkaganda-gandang babae!

Nang dumaan siya, itong Tinig ay huminto, nagsabi, "Hindi mo ba siya natatandaan?"

Sabi ko, "Hindi."

Sabi, "Inakay mo siya kay Cristo noong siya'y lagpas siyamnapu na. Kita mo? Hindi mo ba makita kung bakit sinasabi niya, 'minamahal na kapatid?'"

Sabi ko, "Buweno, lumili—lumilipat ka ba . . ."

Sabi, "Hindi. Naghihintay tayo rito."

Sabi ko, "Buweno, kung nakatawid na ako, gusto kong makita si Jesus."

Sabi, "Hindi mo pa Siya maaaring makita ngayon. Ito ang Kasulatan, ang sabi, 'Mga kaluluwa sa ilalim ng dambana.' Siya'y nasa mas mataas nang kaunti. Balang araw ay babalik Siya. Babalik tayo sa lupa. Hindi tayo kumakain o umiinom dito."

<sup>129</sup> Sinabi ko, "Ibig mong sabihin kinatatakutan ko ito? Aba, ito . . ."

Walang salita para mabigkas iyon, mga kaibigan. Ang “Iyon ay sakdal,” ay hindi—hindi makapapantay dito, “maringal.” Walang bokabularyong Ingles na alam ko, walang kahit anong salita pa, ang kailanma’y makapagpapahayag kung ano iyon. Lagpas-lagpasan iyon sa anumang bagay na alam ko. Naroon nga siya. Walang karamdaman, walang pagdadalamhati. Hindi ka mamamatay. Hindi ka magkakasala. Iyon ay sadyang sakdal, sadyang sakdal. Mga kaibigan, hindi n’yo dapat, hindi n’yo iyon dapat palampasin. Tandaan.

<sup>130</sup> At noong ako’y isang binatilyo, nakakita ako ng isang pangitain ng impiyerno, samantalang isang binatilyo. At alam n’yo naman kung paanong ang mga binibini, sa kasalukuyan, o ’yung mga kababaihan (hindi gagawa ng ganyang bagay ang binibini), pinipintahan ang kanilang mga mata na gaya ng isang lobo, o parang kagaya niyon, nung asul na kung ano sa ibaba ng mata nila. Nakita ko na iyon. Papalubog ako. Samantalang isang binatilyo, ay nabaril ako, at nakaratay ako, naghihingalo sa isang ospital. At matagal ko nang alam na may Diyos.

Natatandaan ko ang unang dasal na pinagsumikapan kong dasalin. Ang tanging bagay na kaya kong sabihin...Ako—hinding-hindi ko pa ito naikukuwento. Parang gusto ko lang na ikuwento na ito ngayon mismo. Ako’y nabaril, nakaratay doon, nag-aagaw-buhay sa isang bukid. At ang tanging maipapakiusap ko sa Diyos, sinabi ko, “Alam Mo po, Panginoon, na kailanman ay hindi po ako nangalunya.” Kita n’yo? Habang isang munting, kabataang lalaking mga kinse anyos, sinikap kong mabuhay nang tama. At sinabi kong, “Namuhay po ako nang malinis.” At iyon lang ang tanging masasabi ko. Iyon lang ang tanging kabutihang maihahandog ko sa Kanya.

<sup>131</sup> At pagkatapos nakaratay nga doon, noon, nang lumakad nang papalayo sa akin ang doktor, at naramdaman ko ang aking sarili na papalubog sa isang madilim na Walang Hanggan, at parang ganun nga. Tinawag ko nang malakas si papa, “Naku, papa, tulungan n’yo po ako.” Walang papa doon. “Mama, tulungan n’yo po ako.” Walang mama doon. “Diyos, tulungan Mo po ako.” Walang Diyos doon. Iyon ay sadyang ang walang katapusan, nakapangingilabot na, naku, bangungot. Ang nag-aapoy, naglalagablab na impiyerno ay magiging kasiyahan pa, na mas mainam pa kumpara diyan. At papahulog nga doon, sa loob-loob ko, “Oh, naku po!” Paulit-ulit nang paulit-ulit, nang *paganito*. Napadpad ako sa isang lugar, mausok, at madilim, at may sakit. At, naku, grabeng pakiramdam! Iyon ay kamatayan sa akin.

Nakikita ko ’yung mga kababaihang iyon na papalapit sa akin, na may mga ganung klase ng mga pintadong matang katulad niyon. Ngayon alalahanin, iyan ay apatnapu’t limang taon na ang nakararaan, mga apatnapung taon na ang

nakararaan, kung tutuusin. Sinasabi, sinasabi nila, “Oooh! Oooh! Oooh!”

Sabi ko, “Ako po ba’y mananatili na doon magpakailanman?”

“Magpakailanman.”

<sup>132</sup> Sabi ko, “O Diyos, kung ilalabas Mo lang po ako mula rito, ako—ako—hinding-hindi ko na Kayo ikakahiya pang muli. Hinding-hindi ko na ikakahiya pa. Diyos, pakiusap bigyan Mo pa po ako ng isang pagkakataon.”

Ang unang bagay alam n’yo, naramdaman ko ang sarili kong papabalik na. At nabahala ’yung doktor, dahil ang puso ko’y tumitibok ng labimpitong ulit lang kada minuto. Ako’y nakapaglabas na ng lahat ng dugo ko at lahat na, nararatay sa sarili kong dugo. At naisip ko, ano nga kaya kung mangyari iyon balang araw?

<sup>133</sup> Mga dalawang taon na ang nakararaan, nang lumipat ako sa Tucson, kasama ko ang maybahay ko doon sa J. C. Penney. Nakaupo ako doon nang *ganyan*, at nakayuko ang ulo ko, naghihintay. Dahil, alam n’yo naman kung paano, ang mga kababaihan, matagal silang mamili. At ako ay—ako ay nakaupo doon, nakababa ang ulo ko nang *paganito*. At papaakyat ang isang escalator. At hetong paparating ang ilan sa mga babaeng iyon, na may mga ganoong gupit na waterhead, alam n’yo, katulad ng ginagawa nila, nang *paganun*. Papaakyat na may ganung mala-pintadong mga matang kagaya niyon. At nagsasalita sila ng Espanyol. At ’yun na iyon. Ang lahat ng iyon (ang pangitain) ay nangyari uli. Hayun nga iyon, “Oooh! Oooh!”

<sup>134</sup> Kapatid na lalaki, kapatid na babae, may sasabihin ako sa inyo. Maaaring katawa-tawa iyon ngayon, pero mapunta lang kayo doon minsan. Isang seryosong bagay iyon. Huwag na huwag kayong dadaan doon.

<sup>135</sup> Ako, bilang isang lalaking matanda na, isang ministro, nakapangaral na ako sa buong mundo, nagkaroon ng milyun-milyong mga kaibigan, pero alam kong kailangan kong tumayong kasama kayo sa ibayo doon. Lumayo kayo sa mga bagay ng sanlibutan. At kung may bagay sa kalooban-looban ninyo, na gusto n’yo pa ring kumilos kung paano kayo kumilos, kung kayo’y meron pa ngang mga bagay ng sanlibutan sa inyo, alalahanin, hindi kayo sa Diyos. Isang miyembro lang kayo ng iglesya, hangga’t wala pa ang pagtawag na iyon; ng kalaliman na iyon, na tumatawag sa Kalaliman. Kita n’yo?

<sup>136</sup> Katulad ng, bago magkaroon ng palikpik sa likod ng isang isda, kailangang magkaroon ng tubig na paglalanguyan niya, muna, kung hindi ay di siya kailanman magkakaroon ng palikpik.



Bago magkaroon ng isang—isang punong tutubo sa lupa, kailangang magkaroon muna ng lupa, kung hindi ay di na sana nagkaroon pa ng puno na tutubo dito. Walang magiging dahilan para sa puno, at para palitawin iyon nang magkasama.

<sup>137</sup> Bago magkaroon ng isang nilikha, dapat munang magkaroon ng isang Manlilikha. “Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran.” Kita n’yo? May kung anong bagay sa kaloob-looban natin. Itinaas mo kani-kanina lang ang kamay mo, “Hinahangad ko pang lalo ang Diyos.” Kita n’yo? May kung anong bagay na may pangangailangan.

At kung iniibig n’yo ang sanlibutan, patungo sa daang iyan, ang mga bagay ng sanlibutan, sa paglalakbay ng sanlibutan kayo mapapasama, at sa pagkahulog kayo hahantong. Kita n’yo? Lumabas kayo. Kayo’y mga anak na lalaki at mga anak na babae ng isang Hari, ng Hari. Maging mabining babae at maginoong lalaki. Lumakad na tulad ng mga Cristiano. Mamuhay na tulad ng mga Cristiano. Kumilos na tulad ng mga Cristiano. Alalahanin, sasalubungin ko kayong taglay ang mga pangungusap na ito sa Hukuman. Kita n’yo?

<sup>138</sup> Tumingin kayo sa inyong salamin, ngayong gabi, at alamin. “Saang daan kaya ako patungo? Ipinaghahanda kaya ako ni Jesus ng isang dakong kalalagyan, isang katawan? Ang katawang iyon ay sakdal. Ang katawang iyon ay lumalakad nang tama. Iyon ay isang anak na lalaki o isang anak na babae sa harapan ng Diyos. At ako’y nasa paghihirap sa panganganak *dito*, upang maisilang sa katawang iyon doon. Kung iniibig ko pa rin ang sanlibutan, ipinapakita nito sa akin na (hindi ako) wala akong katawan doon. Isang miyembro lang ako ng iglesia. Hindi ako binhi ng Diyos. Hindi ako binhi. Hindi Siya ang aking Ama.”

<sup>139</sup> Sinabi Niya, “Kung hindi ninyo matitiis ang palo,” iyan ngayon ang natatanggap n’yo, “kung gayon kayo’y mga anak sa labas, at hindi mga tunay na anak ng Diyos.” Hindi ba’t tama iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Tama.”—Pat.] Sinasabi ba iyan ng Biblia? [“Amen.”]

Kung hindi mo matitiis ang palo ng Diyos, kapag nakikita mong itinutuwid ka ng Kasulatan, at sinasabi mo, “Naku, ayokong marinig ang Bagay na iyan. Ako’y—ako’y isang Cristiano. Gumagawa ako ng isang. . .” Sige. Magpatuloy ka. Kita n’yo? Isa itong tiyak na ebidensiya na hindi ka anak ng Diyos.

Ngunit ang isang tunay na anak ng Diyos ay nagugutom at nauuhaw. Bakit? Kung may kung ano sa puso mo, na nagsasabi sa iyo na gusto mo iyon, at kailangan ’yun doon, ipinapakita nitong may kung anong pumipintig, nagsisikap na hatakin ka patungo doon. May katawan doon, na itinitipo ng isang *ito* rito. Para saan mo ba ginagamit ang isang ito, para luwalhatiin ang Diablo at ang sanlibutan, at mga usong porma at mga bagay-

bagay? Nakatingin ka ba sa Langit, may bagay na naroroon sa itaas, na niluluwalhati mo ang Diyos sa pamamagitan ng buhay mo?

*Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan: kung hindi nga gayon, ay sinabi ko sana sa inyo. At Ako'y paroroon at ipaghahanda ko kayo ng dakong kalalagyan.*

*...at muling paririto, upang kayo'y tanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon.*

<sup>140</sup> *Mga Bagay Na Darating.* Itong mga bagay na nasa kasalukuyan, ay potensiyal lamang, tumatawag sa mga bagay na darating.

Tayo'y manalangin.

<sup>141</sup> Mag-isip kayo nang mabuti. Maaari bang gawin n'yo, mahal kong mga kaibigang Cristiano? Mag-isip kayo nang talagang mataimtim, muna sandali. Magsitahimik lang tayo nang husto sa isang saglit lang. Hayaang mangusap ang Espiritu Santo.

Ngayon, isinugo ako ng Panginoong Jesus sa inyong mga taga-Pentecostal, noong matagal na. Heto ang isa sa mga kabataan ninyong naging pastor ninyo, ang sabi, "Naging bunga ng ministeryo." Nakita niyang buksan ng Panginoong Jesus ang nabulag na mga mata; "paimpisin," aniya, "nang tuluy-tuloy ang mga malalaking ulong may tubig." Mayroon pa rin akong mga gawaing pagpapagaling. Ngunit napagtatanto kong naipanalangin ko na ang maraming taong may malubhang karamdaman. Nagsigaling sila. Tinugon ng Panginoon ang panalangin, at pinagaling ang mga maysakit. Pero, alam n'yo, ilan sa mga taong iyon, na gumaling, ay pumanaw na. At kahit gaano ka pa magkasakit may malubha, kung ikaw ay gumaling, mamamatay ka, pa rin naman.

Ngunit ang kaluluwang iyan, minamahal kong kapatid na lalaki, ang kaluluwang iyan, minamahal kong kapatid na babae, maaari bang pag-isipan mo na ang tungkol dito ngayon? Iyan ay Walang Hanggan. Kung ang pag-ibig na iyon ng Diyos ay wala riyan, walang anumang humahatak, maaari bang hilingin mo sa Diyos, "O Diyos, simulan Mo po akong muli, nang panibago, sa gabing ito. Mahal Kita, Panginoon. Nais ko pong mahal in Ka. At may kung ano sa puso ko na nagsasabi sa akin na dapat po akong mamuhay nang mas malapit-lapit pa sa Iyo. Nais ko pong lumapit, ngayon din, Panginoon, at gawin iyon?" Kung ang taong iyan o mga tao ay naririto sa loob ng gusali o nasa labas nitong gusali, nakikiusap ako sa inyo, bilang isang lingkod ni Cristo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, maaari bang, habang nakayuko ang ulo n'yo, itaas n'yo lamang ang inyong kamay sa Diyos at magsabi ng ganito, "Diyos, ilapit Mo po ako, nang ilapit pa, mahal na Diyos. Nais ko pong umalinsunod sa bawat bagay na mayroon Ka sa

Iyong Salita”? Itaas ang inyong mga kamay. Ngayon maging totoong tapat lamang kayo. Isipin n’yo lang.

<sup>142</sup> Ngayon, sinasabi nila, “Oh, nagawa ko na *ito*. Ako, nakasigaw na ako, sa Espiritu. Nakapagsalita na ako ng mga wika. Ngunit, tingnan mo, may kulang pa sa buhay ko. Tumitingin ako sa salamin ng Salita ng Diyos, alam kong may kung anong bagay. Nagsisimba ako, pero ako’y hindi kung ano ako dapat na maging.” Kita n’yo? Ipinakikita n’yan iyon, ang isang bagay.

Ngayon, kung matitingnan mo ang iyong sarili at makikita na hindi ka nakaalinsunod sa Salita ng Diyos, at wala naman diyan na makapagpapataas sa iyo ng kamay mo, kung gano’n alam mong may mali. May mali ka nga. Merong. . . Madalas sabihin noon ni nanay, “Hindi ka makakakuha ng dugo sa isang singkamas, dahil walang dugo sa loob niyon.” Kita n’yo? Pakaisipin mo iyon, nang mabuti. Baka ito na ang huling pagkakataon mo. Tatlumpu, apatnapung kamay ang nakataas na, itong maliit na grupong ito rito, maging sa mga klerigo.

<sup>143</sup> Maging tunay na mapitagan lang muna sandali. Ngayon pakaisipin n’yo nang tahasan. “Mahal na Diyos, maaaring mapatay po ako, sa gabing ito, sa isang sakuna. Maaari akong mamatay sa atake sa puso. Isa sa mga umagang ito, maaaring tawagin ko po ang doktor, at darating siya, at ang pintig ko’y papatapos na; wala na ako. Idinidiin ko ang pisngi ko sa mga unan, tatawag, ‘O Diyos ko! O Diyos ko! O Diyos ko!’” Kita n’yo? Ipinipintig na ng pusong iyan ang huling tibok nito. Patungo ka na sa malaking Pintuang iyon. Hinding-hindi ka na makalalabas pa malibang ika’y muling ipinanganak ng Espiritu ng Diyos. Hinding-hindi ka na makalalabas pa malibang may kung ano sa iyo, matapos na maipanganak kang muli ng Espiritu ng Diyos, na kinasasabikan at kinauuhawan ang makapagpatuloy sa Diyos. Dapat ngang maging gayon. Kita n’yo? Ikaw ay isang anak na nasa lupa, sa kailaliman ng lupa, naghihintay pa ring maipanganak sa Kaharian ng Diyos, kung saan Siya pumaroon na upang makapaghanda ng isa pang katawan para sa iyo, na isang sakdal na katawan.

Ngayon mag-isip nang talagang malalim, at sama-sama tayong manalangin.

<sup>144</sup> Minamahal na Diyos, yayamang nalalaman ko pong ito ay nakalagay sa pahina ng Aklat, ang dakilang Talaan! Kami po’y nagkalihis-lihis na sa siyensiya, Panginoon, nang labis na para kami’y gisingin, sa mga realidad para malaman na bawat gawin naming hakbang ay magpapaikut-ikot sa buong mundo, sa sandaling gawin namin iyon. Nakuha na po namin iyon sa pamamagitan ng telebisyon. Napagtatanto po namin, Ama, na ang telebisyon iyan ay hindi bumubuo ng isang larawan, pinadadaloy lamang nito ang—ang mga signal sa loob ng isang

tubo na siyang bumubuo sa larawan. Maging ang kulay ng mga damit na suot namin, ay naipapakita sa pamamagitan ng ether waves ng himpapawid, ng signal na iyon sa palibot ng daigdig. Kung gayon paano na lang kaya ang aming mga kapatirang babae na suot ang mga ganoong damit, kumikilos nang gayon, at wala man lang paghahangad; mga pintadong mukha, ginupitang buhok?

Mga ministrong papasok sa teolohiya, sa kung anong seminaryo, “At kinukuha ang mga bagay na galing sa salita ng tao, na niwawalan, sa pamamagitan ng kanilang mga tradisyon, niwawalan ng kabuluhan ang mga kautusan ng Diyos sa mga tao, sa pamamagitan ng kanilang mga tradisyon,” na nagsasabing dapat silang umanib sa iglesia, at iyon lamang.

O Diyos, napagtatanto kaya nila na bawat salitang sinasabi namin, na napatunayan na sa maka-agham na paraan, iyon ay nasa isang plaka? At nagsisimula iyon kapag nagsimula na kaming mabuhay dito sa lupa. Natatapos iyon kapag kami ay namatay, at iyon ay inilalagay sa album ng Diyos, upang patugtuging muli sa Paghuhukom.

Paano po namin matatakanan iyon, ang kahatulan ng Diyos, kung pinalinaw na nang husto sa harapan namin ang naturang bagay at gayunman ay tinatanggihan namin Ito?

O mahal na Diyos, ang Mga Salitang ito’y hindi namamatay kailanman. Ang mga ito’y nagpapatuloy nang nagpapatuloy. Patutugtuging muli ang plaka sa Araw ng Paghuhukom. Nakita Mo po ang mga kamay na iyon na nagsitaas, Ama. Mapupunta iyon mismo doon sa Araw ng Paghuhukom. Gayundin, kung ano ang iniisip ng kanilang puso, ay mapupunta doon sa Araw ng Paghuhukom.

<sup>145</sup> Ngayon, Amang, Diyos, hinihiling ko po sa Iyo, bilang Iyong lingkod, dalangin ko na aalisin Mo po ang lahat ng katampalasanan mula sa Iyong tinipon na mga hinirang. *Katampalasanan*: isang bagay na alam naming dapat naming gawin, at hindi naman ginagawa iyon. Sinabi ni David, “Kung nag-iisip ako ng katampalasanan sa aking puso, hindi didinggin ng Diyos ang mga panalangin ko.” Dalangin ko po, Diyos, na aalisin Mo ang aming katampalasanan, pagkat ang Salita ay ang Iyong salamin na ipinapakita sa amin kung gaano kami kakapos sa pagiging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Hari. Ama, dalangin ko po na gagawin Mo ito, sa gabing ito.

<sup>146</sup> At iyan ay gawin Mo pong isang dambana, pagkat ang dambana ay nakapirming puno ng mga tao. At gawin ang dambanang iyan, doon po sa kanilang kinauupuan, gawing dambana ang puso nilang iyon. Nawa’y lumayo ang sanlibutan sa bawat kapatirang lalaki, kapatirang babae na naririto. At nawa ang munting binhing iyon ng Buhay, ang gene ng Diyos na katatapos lang naming pag-usapan, ang katangiang iyon

na bumaba mula sa Diyos, at nahayag dito upang dakilain at luwalhatiin ang Diyos. Diyos, palayuin po ang sanlibutan mula riyan.

<sup>147</sup> 'Yung iba, ay hindi ko po maipanalangin, Panginoon, sapagkat "ang sakit ay sa ikamamatay," at walang anumang naroroon na nakapagpapakilos sa kanila. Ngunit ang mga makakakilos, at nababatid na iyon ay mali, linisin po ang kanilang mga puso't kaluluwa, sa gabing ito, Ama. At sila nawa'y mapuspos ng Iyong Espiritu, lumakad sa Iyong Liwanag.

<sup>148</sup> Pagpalain Mo po itong mahal, na bata pa't, malusog, matipunong pastor na ito rito, Panginoon. Ito pong kabataang lalaking ito, naimpluwensiyahan, aniya, ng nakita niyang ginagawa Mo. Itong mabuting kabataang lalaking ito, O Diyos, papag-alabin Mo po ang kanyang kaluluwa. Ipagkaloob po iyon, Panginoon. Nawa'y maging isang tunay na pastol siya, nang tuluy-tuloy, sa lahat ng panahon, upang pakanin ang kawan na ipinamahala sa kanya ng Espiritu Santo. Ipagkaloob po ito, Panginoon. Nawa'y huwag po siyang lumiko sa kanan o kaliwa, walang kredong pagbibigyang-daan, wala nang iba pa kundi ang walang halong Salita ng Diyos ang nawa'y mamutawi sa kanyang bibig, at Iyon lamang. Pagpalain po siya, Diyos, siya at ang mga mahal niya sa buhay, gayundin ang kanyang munting iglesya rito. Samahan Mo po silang lahat, Ama.

<sup>149</sup> Ipinagkakatiwala ko po ito sa Iyo, Ama. Naihasik na ang Binhi. Nawa'y mahulog Ito doon sa binhing itinalaga sa Buhay, at makapagpalago ng marami, malalakas na mga Cristiano para sa kapulungang ito rito, at iba pang mga kapulungang pinanggalingan nila. Ipagkaloob po ito, Panginoon. Ipinagkakatiwala ko po ito sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos.

At, Ama, "Siya'y nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa aming kasamaan; ang parusa ng tungkol sa aming kapayapaan ay nasa Kanya; at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling kami."

<sup>150</sup> Nakita ko pong pakilus-kilos sa may pintuan, kani-kanina lamang, ang isang kawawang babae na ninenerbiyos. At, O Diyos, sa loob ng sarili niyang sambahayan, anong dakilang mga bagay na ang nagawa, kung paanong inihayag Mo ang Iyong Sarili! Ipinapanalangin ko po, Diyos, ang babae na iyon. Alisin Mo po ang lahat ng nakaraang iyon noon, ng buhay, Panginoon, at pagalingin siya ngayong gabi. Maaari po bang gawin Mo, Panginoon? Dalhin Mo po siya sa Iyo.

<sup>151</sup> Tingnan po iyon, ang maliliit na mga batang nakaupo rito, Panginoon, na nangangailangan ng kagalingan, ang iba. Dalangin ko po na Iyong pagagalingin sila, Ama. Ipagkaloob po ito. Nawa ang Iyong dakilang kapangyarihan sa pagpapagaling ay dumating at pagalingin kami, kapwa kaluluwa at katawan.

<sup>152</sup> At ngayon, sa inyo ngayon na naririto sa simbahan, o nasa labas, na nangangailangan ng kagalingan, nais kong itaas ninyo ang kamay n'yo, sabihin, "Kailangan ko ng kagalingan, Kapatid na Branham." Mukhang bawat isa nga yata. O sige. Maniniwala ba kayong ako'y isang lingkod ni Cristo? Sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kung gano'n, nais kong ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa. Basta ipatong n'yo lang ang mga kamay n'yo sa isa't isa. Itinaas n'yo ang mga kamay ninyo, 'yung nasa loob man o nasa labas, itaas n'yo ang mga kamay n'yo, na kayo'y mga mananampalataya sa Diyos.

Sinabi ni Jesus Cristo, ang Kanyang huling tagubilin sa Iglesia, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal. Ang sumasampalataya . . . Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; mangagpapalabas sila ng demonyo sa Aking Pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; kung sila'y magsisihawak ng mga ahas o magsiinom ng mga bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; kundi, at kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Ngayon, sinabi iyan ni Jesus. Alalahanin, sinabi Niya iyan. Kinailangang maging ganun nga. Hindi Niya sana sinabi iyan maliban kung may taong makatatanggap sa Salitang iyan.

Katulad lamang ng sinapupunan ni Maria na magagawang tanggapin ang binhing, "Isang birhen ang maglililihi." Katulad ng magagawang likhain ang isang puno ng palma, ang isang puno ng ensina sa ibabaw ng burol, Salita Niya ang gumawa niyon.

Ang Kanyang Salita ay maaaring matanggap sa loob ng iyong puso ngayon din. "Isa po akong mananampalataya, Panginoon. Ang lalaki o babaeng ito kung kanino ko ipinatong ang mga kamay ko, sila po'y dumaranas ng hirap. Hindi ko po ipinananalangin ang aking sarili. Dahil, ako'y ipinananalangin nila. Ako po'y nananalangin para sa babaeng ito, o para sa lalaking ito. At, O Diyos, pagalingin po ang lalaki, pagalingin po ang babae. At isa po akong mananampalataya, at ngayon ay nagkakatipon-tipon kami. Katuturo lang sa amin na naging kasama kami ni Cristo noong Siya'y lumakad sa lupa, pagkat bahagi po kami ng Kanyang Salita. Kami'y nagdusang kasama Niya. Kami'y nagdugong kasama Niya. Kami'y namatay na kasama Niya. Kami'y inilibing na kasama Niya. Kami'y muling nabuhay kasama Niya, at kami'y nakaupong sama-sama sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus. Ang dakilang Hari na nakaupo rito sa aming kalagitnaan, at ako po'y isang anak na lalaki o isang anak na babae ng Haring ito. At naipatong ko na ang aking kamay sa isang anak na lalaki o isang anak na babae ng Hari,

na nananalangin para sa akin, at ako'y nananalangin para sa kanila. Ngayon, Panginoon, tugunin Mo po ang panalangin ko, at pagalingin itong anak na lalaki ng Diyos o itong anak na babae ng Diyos."

Sama-sama, manalangin tayo ngayon para sa isa't isa.

<sup>153</sup> Panginoong Jesus, kami po'y mapagpakumbabang lumalapit, ipinapahayag ang aming mga pagkakasala. Dumudulog po kami, ipinapahayag na kami ay karapat-dapat sa karamdaman at kamatayan, at kapighatian, ngunit amin pong tinatanggap ang Iyong handog na pantubos sa aming mga kasalanan at aming mga karamdaman. At, sa gabing ito, ang mga anak na lalaki at anak na babaeng ito ng Diyos, na nangakaupo rito, ay naririnig ang pagtutuwid ng Salita, at itinataas ang kanilang mga kamay, at naghahangad ng mas malapit-lapit na paglakad. Sila na nakapatong ang mga kamay sa isa't isa ngayon pagkat sinasampalatayanan nila ang Iyong Salita bilang siyang totoo. Sila po'y naniniwala na kami ay muling nabuhay na ngayon kasama ni Cristo, nangakaupo sa Sangkalangitan kasama Niya. Nakapatong na sa isa't isa ang mga kamay nila, nananalangin para sa isa't isa.

Iyo pong sinabi, "Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa maysakit, at ibabangon siya ng Panginoon; at kung nagkasala siya, ay ipatatawad sa kanya. Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, ipanalangin ng isa ang iba, upang kayo'y magsigaling. Pagkat malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid." O Walang Hanggang Diyos, dinggin Mo po ang panalangin ng Iyong mga lingkod.

At ngayon, nasusulat pong muli, "Kung ang bayan, na tinawag sa Aking Pangalan, ay sama-samang mangagkakatiipon-tipon, at mananalangin; kung gayon ay makikinig Ako mula sa Langit." O Diyos, dinggin Mo po ang panalangin ng Iyong mga anak ngayong gabi, mula sa Langit. Isugo Mo po ang Banal na Espiritu sa mga tagapakinig na ito, na tulad ng isang humahagibis na hanging malakas. At dinadala po namin ang mga taong ito sa harap ng Diyos.

<sup>154</sup> Satanas, ikaw ay talunan na. Isa kang talunang nilalang. Nalupig ka na ni Jesus Cristo sa Kalbaryo. Wala ka nang kapangyarihan. Isa kang mapanakot. Sinasaway namin ang kamay mo, sa gabing ito. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, lumabas ka sa mga taong ito rito, ikaw na sakit at mga karamdaman. At nawa'y humayo sila, nang malaya, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos.

<sup>155</sup> Aleluya! Damahin ang kaluwalhatian ng Diyos! Damahin na tinugon ang inyong panalangin. Sumasampalataya ba kayong tinugon ng Diyos ang taong nakaupo sa tabi ninyo? Ilan ang sinasampalatayanan iyon? Itaas ang inyong mga kamay. [Ang

kongregasyon ay nangagalak—Pat.] Hayan nga kayo. Oh, kahanga-hanga!

I love Him, I . . .

Habang nakataas ang mga kamay n'yo ngayon, awitin ito sa Kanya, nang buong puso ninyo.

Because He first loved . . .

Talaga bang bukal iyon, sa puso n'yo ngayon?

<sup>156</sup> Ilan sa inyo ang nakadaramang pinatawad na kayo ng Diyos sa inyong mga katampalasanan, ang mga bagay na nagawa ninyo? “At magmula sa gabing ito, O Kordero ng Diyos, nangangako akong lalakad nang matuwid. Lalakad ako bilang pagbibigay-dangal sa Pangalang itinawag sa akin, isang Cristiano, buhay na tulad kay Cristo. Itataas ko po ang mga kamay ko, Diyos. Iniaalay ko nang panibago ang aking sarili sa Iyo, sa gabing ito. Lalakad po ako sa Liwanag.” Amen.

We'll walk in the Light, beautiful Light,  
Come where the dewdrops of mercy are bright;  
Shine all around us, by day and by night,  
Jesus, the Light of the world.

We'll walk in the Light, It's such a beautiful  
Light,  
It comes where the dewdrops . . .

Kung saan Siya pumaroon na upang maghanda ng isang dakong kalalagyan para sa atin.

Shine all around us, by day and by night,  
Jesus, the Light of the world.

Come, all ye saints of Light proclaim,  
Jesus, the Light of the world;  
Truth and mercy in His Name,  
Jesus, the Light of the world.

Ano'ng gagawin natin sa panahong iyon?

We'll walk in the Light, such a beautiful Light,  
Comes where the dewdrops of mercy are bright;  
Shine all around us, by day and by night,  
Jesus, the Light of the world.

Oh, hindi ba't nararamdaman n'yong kayo'y nalinis nang mabuti, maganda ang pakiramdam? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Oh, naku! Magkamayan tayo, habang muli tayong umaawit.

We'll walk in the Light, such a beautiful Light,  
Comes where . . . (Pagpalain ka ng Diyos,  
kapatid.) . . . of mercy are bright;  
Shine all around us, by day and by night,  
Jesus, the Light of the world.



Ipikit lang natin ang ating mga mata at ihiging ito. [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay nagsisimulang humiging ng *Jesus, The Light Of The World*—Pat.] Kikilos tayong parang mga bata. Tayo'y mga bata.

Oh, it's such a beautiful Light,  
And It comes where the dewdrop of mercy are  
bright;  
Oh, shine all around us, by day and by night,  
Jesus, the Light of the world.

Hindi ba't mahal n'yo Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

My faith looks up to Thee,  
Thou Lamb of Calva- . . .

Ipikit n'yo lang ang mga mata ninyo at awitin ito. Sumamba sa Espiritu.

Saviour Divine;  
Now hear me while I pray,  
Take all my sins away,  
O let me from this day  
Be wholly Thine!  
While life's dark maze I tread,  
And grief around me spread,  
Oh, be Thou my Guide;  
Bid darkness turn to day,  
Wipe sorrow's fears away,  
Nor let me ever stray  
From Thee aside.

<sup>157</sup> Oh, naku! Alam kong isa lang akong lalaking makaluma. Gusto ko . . . Palagay ko nadaig niyan ang lahat ng mga bago, putul-putul, pinandanggo, na rock-and-roll na panggagaya, ng isang milyong milya. 'Yung mga sinaunang makata na nagsulat ng mga awiting iyon, hinipo ng Espiritu Santo ang panulat na iyon, nagsimulang magsulat. Oh, naku! Naiisip ko si Eddie Perronet at silang lahat; mga dakila! Si Fanny Crosby:

Pass me not, O gentle Saviour,  
Hear my humble cry.

<sup>158</sup> Isang beses sinisikap nilang kunin siya. Hindi siya—hindi niya ginawa 'yung kagaya ng ginawa nung Pentecostal na Elvis Presley, ipagbili ang kanyang mga karapatan ng pagkapanganay kapalit ng isang tambak na mga Cadillac. Siya . . . Lumapit sa kanya at gusto siyang pasulatin—pasulatin ng mga makamundong awitin. Sinabi niya, "Hindi ko iyon gagawin, sa anumang kadahilanan."

Sabi, "Aba, isa kang bulag. Pagdating mo sa Langit, paano mo malalaman?"

Pumihit siya, inspirasyon, kaya sinabi niya:

I shall know Him, I shall know Him,  
 And redeemed by His side I shall stand;  
 I shall know Him, I shall know (Paano?)  
 By the prints of the nails in His . . .

Kung hindi naman, “Kung hindi ko Siya makikita, sasalatin ko ang kamay Niya.”

I shall know Him, I shall know Him,  
 And redeemed by His side I shall stand;  
 I shall know Him, I shall know Him  
 By the print of the nails in His hand.

<sup>159</sup> Hindi ba’t napapaibig kayo nito sa Kanya? Pumaroon na upang maghanda ng isang dakong kalalagyan para sa atin! “At kung Ako’y paroroon at maghahanda ng isang kalalagyan, ay muli Akong paririto, upang kayo’y tanggapin Ko sa Aking sarili.”

<sup>160</sup> Mga munting anak na ngayon ay nasa paghihirap sa panganganak, sundin n’yong muli ang mga kautusan ng Diyos. At ang pastor, dito, kung wala pang nababautismuhan sa inyo, ihahanda na ang tubig. At—at pagsali para sa iglesya, o kung ano man ang gusto ninyong gawin, o kung ano man, gawin n’yo iyon. Hindi n’yo pa natatanggap ang bautismo, ang Banal na Espiritu, ito na ang gabi para matanggap Ito. Hindi ba’t pinaniniwalaan n’yo iyan? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>161</sup> “Naku,” sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, gabi na. Masyado nang mahaba ang naipangaral mo.”

Ipinangaral ni Pablo nang buong magdamag, isang gabi, itong gayon ding uri ng Mensahe. At isang maliit. . . Isang kabataang lalaki ang nahulog sa may pader at napatay ang sarili. At si Pablo, na talagang puspos ng gayon ding uri ng Mensahe, ay inilatag ang kanyang katawan sa ibabaw nito, at muling bumalik ang buhay nito. Siya ay nananatili pa ring si “Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman.”

Hindi ba’t mahal n’yo Siya? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Atin lang ngang, minsan pa, nang nakataas ang ating mga kamay, “I love Him. I love Him.”

Nasaan ang piyanista? Hayun, kung maaari sana, sister, kung sino man iyon. Pakibigyan mo kami ng kaunting tono, kung maaari.

Ilan ang umiibig sa Kanya? Itaas lang ang kamay n’yo. Sabihin, “Talagang mahal ko Siya. Sadyang mahal ko Siya, nang—nang buong puso ko. Iniibig ko Siya.”


<sup>162</sup> Ngayon awitin lang natin iyon, sa ikaluluwalhati ng Diyos. Ngayon, habang nakapikit tayo, nakataas sa Langit ang mga kamay natin, “I love Him. I love Him.” Sumasamba tayo. Kapag ikaw ay nangaral, at nakasakit, at nakasugat, at nakahatak nang paganyan, ito ang balsamo na ibinubuhos ng Diyos,

sadyang nakapagpapagaling. “May isang Balsamo sa Gilead, para sa kaluluwa.” Awitin na natin ito ngayon. Pakibigyan kami ng tono.

I love Him, I love Him  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

<sup>163</sup> “At sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay Aking mga alagad, kung kayo’y may pag-ibig, ang isa para sa iba.” Tama ‘yan. Kung hindi natin kayang ibigin ang isa’t isa na nakikita nga natin, paano pa kaya natin iibigin ang Diyos Na hindi natin nakikita?

I love Him.

<sup>164</sup> [Si Kapatid na Branham ay nakikipag-usap sa isang kapatirang lalaki sa entablado—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos. [Sinabi ng kapatid, “Ang maparito ka ngayong gabi ay isa pong tunay na karangalan mula sa Langit.”] Salamat, kapatid. [“Talagang kalugud-lugod iyon.”] Ngayon, palagay ko ang iglesya, bawat isa, ay napatatag na. Hindi ba? [“Opo. Talaga.”] Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Boone. Ihahabilin ko na sa iyo ang kongregasyon. Pagpalain kayo ng Diyos. 

*MGA BAGAY NA DARATING* TAG65-1205  
(Things That Are To Be)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Disyembre 5, 1965, sa First Assembly Of God sa Rialto, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)